# MGA BATAYANG TAKTIKANG GERILYA

Ni Mao Zedong
1937

## KABANATA I
## INTRODUKSYON

*1. PAANO ITINATAGUYOD NG POPULAR NA MASA ANG AKSYONG MILITAR?*

Bakit nakakayanan ng masang walang kaarmas-armas, nabubuklod sa mahihinang sandatahang mga yunit militar, na sumugod sa kaaway, patayin ang kaaway at matatag na itaguyod ang epektibong mga aksyon sa digma? Ito'y isang napakalaganap at napaka-makatwirang tanong. Pero kung alam natin ang gamit ng mga armas na ginagamit ng isang hukbo at ang layunin ng mga aksyon nito, maaari nating maunawaan kung papaano ang popular na masa, bagama't walang kaarmas-armas, ay magkakaroon ng mga armas at maaaring sumagupa sa mga aksyon para gapiin ang kaaway.

Ang pangunahing gamit ng mga armas ng hukbo ay simpleng para patayin ang kaaway, at ang pinal na layunin nito ay para pahinain o lansagin ang kakayahang lumaban ng kaaway. Bweno, sa ating pang-araw-araw na buhay, mayroon bang bagay na di pupwedeng gamitin para patayin ang kaaway o anumang klase ng aksyon na hindi maaaring gawin para pahinain o lansagin ang kanyang lakas lumaban?  Halimbawa, kutsilyo, pamukpok na kahoy, palakol, asarol, bangkito, o bato ay lahat maaaring gamitin para pumatay ng tao.

Ang mga aksyon tulad ng pagputol ng alambre ng kuryente, pagwasak ng mga tulay, pagkakalat ng tsismis, pagkakalat ng lason, o pagputol ng mga suplay ay maaaring gawin upang abalahin ang kaaway at pahinain ang kanyang lakas lumaban. Lahat ng ito ay mga paraang maaaring nag-aatubili tayong gamitin o hindi nagagamit. Kung tunay na nanaisin nating patayin at puksain ang kaaway, may mga armas na matatagpuan kung saan-saan at mapapakinabangan natin sa lahat ng panahon, upang matiyak ang epektibong nagkakaisang aksyon ng hukbo at ng mamamayan.

*2. MGA PUNTONG PAGTUUNAN NG NATATANGING ATENSYON.*

Bukod rito, dapat tayong magtuon ng natatanging atensyon sa kasalukuyang digma na naging malupit nang di inaasahan at tumagal na ng mahabang panahon. Dahil dumaranas tayo ng kahirapan sa isang digmang mas malupit kaysa anumang naranasan sa nakaraan, hindi tayo dapat sumuko agad; o, dahil sa epekto ng isang mahabang digma, mawawala natin nang bigla ang ating katatagan at bumigay sa pananamlay. Dapat pasiglahin natin ang ating mga sarili ng pinakamatatag na diwa ng puspusang pakikibaka, ng pinakamaalab na pagmamahal sa bayan, at ng kapasyahang pangibabawan ang mga kahirapan at itaguyod ang isang matagalang pakikibaka laban sa kaaway.

Dapat nating unawain na bagamat ang sirkunstansya at haba ng digma ay malupit at matagalan, walang kaparis ito sa maaaring mangyari kapag nagapi ang digma, kapag ang ating bayan ay malupig at ang buong mamamayan ay malagay sa kalagayan ng di na mababawi pang kapahamakan, at ang pagdurusa ay magiging walang katapusan. Sa gayon, gaano man kalupit ang digma, dapat absoluto at matatag nating pangibabawan hanggang sa huling limang minuto ng pakikibaka. Ito ang natatanging kalagayan ng ating kaaway sa kasalukuyan, na ang kanyang bentahe ay nasa mabilis na pagtatapos ng digma, habang ang ating bentahe ay nasa estratehiya ng isang matagalang digma.

*3. HINDI DAPAT NATIN KATAKUTAN ANG KAAWAY.*

Kapag nakakita tayo ng kaaway, dahil lamang mayroon siyang hawak na armas, hindi tayo dapat masindak nang husto na tulad ng isang dagang nakakita ng isang pusa. Hindi tayo dapat matakot na lapitan siya o pasukin ang kanyang kinaroroonan upang magsagawa ng pagsasabotahe. Tayo ay mga tao, ang ating mga kaaway ay mga tao rin; tayong lahat ay mga tao, kaya, bakit tayo matatakot? Dahil mayroon siyang mga armas? Maaari namang humanap tayo ng paraan para agawin ang kanyang mga armas.

Ang kinatatakutan natin ay mapatay tayo ng kaaway. Pero kung nararanasan natin ang pang-aapi ng kaaway sa katindihang katulad ngayon, sino pa ang matatakot sa kamatayan? Kaya, kapag nakakita tayo ng kaaway, marami man siya o iilan, dapat tayong kumilos na parang siya ang tinapay na iibsan sa ating gutom at lalamunin siya agad.

Ang mga puntong nailahad sa itaas ay dapat isaalang-alang kapag tayo ay naglulunsad ng isang digma ng pagtatanggol.

*4. ANG KAHULUGAN NG PAKIKIDIGMANG GERILYA.*

Kapag hindi bentahe para sa ating pangunahing hukbong katihan na harapin ang kaaway sa malalaking sagupaan at, kung gayon, tayo ay nagpapakilos ng mga yunit kumando, o mga yunit gerilya, na gumagamit ng mga taktikang umiiwas sa lakas at bumibira sa kahinaan, ng mabilis na paglilipat-lipat at walang pirming pusisyon, at ng paggapi sa kaaway ayon sa sirkunstasya, at kapag hindi natin sinasagupa ang kaaway ayon sa pangkaraniwang mga tuntunin ng taktika, ito ang tinatawag na paggamit ng mga taktikang gerilya.

## KABANATA II

## HINGGIL SA TAKTIKA

Sa kalagayang hindi pa nakukumpleto ang ating mga paghahanda para sa pambansang depensa, at ang ating mga armas ay imperyor sa mahuhusay na kagamitang hawak ng kaaway, dapat nating panghawakan ang sumusunod na mga prinsipyo kapag nagnanais tayong maglunsad ng isang pakikipagsagupa laban sa kaaway:

*1. MGA PAG-IINGAT HABANG NAGLALAKAD.*

Kapag tayo'y naglalakad, dapat tayong magpadala ng mga nakasibilyang yunit na armado ng mga pistola sa unahan ng ating taliba, sa likuran ng ating panghulihang pwersa, at sa tagiliran ng ating depensa, upang mamanmanan ang ating sitwasyon at maiwasan ang di-inaasahang mga atake ng kaaway o mga labanang walang katuturan.

*2. MGA PAG-IINGAT HABANG NAKAHINTO.*

Kung tayo'y nakakampo at may palagay na maaaring malapit lang ang kaaway, dapat tayong magpalakad, araw-araw, ng isang kumpanyang gerilya — o sa pinakamenos ay isang platun — sa direksyon ng mga depensa ng kaaway upang magsagawa ng pagsarbey (paniktik) hanggang sa isang distansya (mula 20 hanggang 30 *li**), o makipagsanib sa mga lokal na pwersa at magsagawa ng propaganda sa hanay ng masa upang pukawin silang lumaban sa kaaway. Kapag nadiskubre ng yunit na ito ang kaaway, sa isang banda, dapat niyang sagupain ito, at sa kabilang banda, iulat sa atin upang makagawa tayo ng paghahanda na humarap sa kaaway o

**li – katumbas ng kalahating kilometro*

umatras nang hindi mabatak sa isang di kinakailagang labanan.

*3. HUWAG SALAKAYIN ANG MALALAKAS NA PUSISYON NG KAAWAY.*

Kung mahigpit ang paggwardya ng kaaway ng kanyang pusisyon o dinidepensahan nito ang isang malakas na estratehikong pusisyon, hindi dapat siyang salakayin, liban kung may natatanging mga garantya ng tagumpay. Kung ipipilit natin, magwawaldas tayo ng malaking panahon at tiyak na magiging mas malaki ang ating pinsala, patay at sugatan, kaysa kaaway. Dagdag pa, sa PAGER, hindi malakas ang ating kanyon; kung walang-taros na salakayin natin ang isang malakas na pusisyon, mahirap ipwesto ito nang mabilis. Samantala, magiging madali para sa kaaway na tipunin ang kanyang mga pwersa sa lahat ng panig at paligiran tayo. Sa puntong ito, dapat maging matatag ang hukbo at masa sa layunin, at di maaaring magsawalang-bahalang kumilos nang padalus-dalos dahil lamang sa pamandaliang init ng damdamin.

*4. IWASAN ANG MGA LABANAN NG PAKIKIPAGMATIGASAN.*

Kung walang isang daang porsyento ng tagumpay, hindi tayo dapat pumasok sa isang labanan. Walang halaga na makapatay ng 1,000 kaaway pero nalagasan naman tayo ng 800. Laluna sa PAGER na ating inilulunsad, mahirap na palitan ang mga tao, kabayo at bala. Kung papasok tayo sa isang laban at mawalan ng maraming tao, kabayo at bala, ito'y pagkatalo para sa atin.

*5. IWASAN ANG LABAN KUNG DI MALINAW ANG SITWASYON NG KAAWAY.*

Kung tayo ay nakakampo sa isang lugar at biglang nadiskubre ang kaaway pero wala tayong kaalaman sa kanyang bilang at kung saan siya nagmula, absolutong iwasan ang pakikipagsagupa bagkus determinadong umatras ng ilang sampung li. Kapag nasa harap na lamang natin ang kaaway na kailangan tayong magpakilos ng papayong na mga yunit, dahil, kapag pumunta ang kaaway para salakayin tayo, ito'y dahil mas superyor ang kanyang pwersa o mayroon siyang plano, at sa anumang sirkunstansya hindi tayo dapat mahulog sa kanyang patibong. Kapag malakas ang kaaway, bentahe para sa atin na umatras. Kung maliit lamang ang kanyang bilang at tayo'y umatras, walang mawawala sa atin kundi kaunting pagod lamang, at laging magkakaroon ng pagkakataon na tayo'y babalik at sumalakay naman sa kanya sa hinaharap.

*6. ORGANISAHIN ANG MASA AT MAKIPAG-ISA SA KANILA.*

Ang modernong pakikipagdigma ay hindi isang bagay na ang mga hukbo ang siya lamang nagpapasya ng tagumpay o pagkatalo. Laluna sa labanang gerilya, dapat

tayong umasa sa masa dahil sa pamamagitan lamang nito makakamit ang garantya ng tagumpay. Ang suporta ng masa ay naghahandog sa atin ng malalaking bentahe tulad ng sa transport, pagtulong sa mga sugatan, inteligens (paniktik), paglansag sa pusisyon ng kaaway, atbp. Kasabay nito, maaari pang ilagay ang kaaway sa isang hiwalay na pusisyon, kaya ibayong nararagdagan ang ating mga bentahe. Kung sakaling tayo ay minalas na matalo, magiging posible pa para makatakas o makapagtago. Kaya, hindi dapat basta-basta makipagsagupa sa kaaway sa mga lugar na hindi organisado at nakaugnay sa atin ang masa.

*7. PAGPAPAKILOS SA MASA PARA TAYO'Y MAKAPAGLUNSAD NG SURPRESANG ATAKE SA KAAWAY AT MALUSUTAN ANG KANYANG BLOKEYO.*

Kapag pinapaligiran at binoblokeyo tayo ng kaaway, dapat pakilusin natin ang masa at putulin ang komunikasyon ng kaaway sa lahat ng direksyon, upang di niya malaman na ang ating hukbo ay malapit lang sa kanya. Kasunod, samantalahin natin ang dilim ng gabi o ang madaling araw upang salakayin at pagwatak-watakin siya.

*8. SURPRESANG MGA ATAKE SA MGA NAKAHIWALAY NA YUNIT NG KAAWAY.*

Kapag namanmanan na natin ang pusisyon ng kaaway at nakalayo na ang ating pwersa, at kapag nagkampante na siya sa kanyang mga pag-iingat, mabilis na aabante tayo dala ang magagaang armas, at bago magliwanag kapag di na tayo inaasahan ng kaaway ay lipulin siya.

*9. PAGPAPAKILOS SA MASA PARA SINDAKIN ANG KAAWAY.*

Batay sa isang pasya ng pangunahing pwersa ng hukbo sa panahon ng laban, magpapadala tayo ng ating pwersa, nahati-hati sa ilang yunit, para pamunuan ang lokal na milisya, armadong masa, at mga masa ng magsasaka at manggagawa. Nagdadala ang mga grupong ito ng iba't ibang bandila, nagpupusisyon sa tuktok ng mga bundok o mga baryo at palengke, at gumagamit ng mga gansa, sibat, krudong kanyon, espada, trumpeta at iba pa, sila ay kumakalat sa kapaligiran at naghihiyaw, naglilikha ng ingay, sa gayon, nagigitla at nalilito ang kaaway. O, kapwa sa araw at gabi, sa lahat ng panig, sila na hiwa-hiwalay na nagpapaputok upang gulatin ang kaaway at pagurin siya. Kung kailan hindi inaasahan ng kaaway, ang ating hukbo ay buong lakas na biglang lilitaw at birahin siya ng isang atake sa tagiliran.

*10. PAIKOT NA HAKBANG (PAGMANIOBRA) UPANG IWASAN ANG KAAWAY.*

Kapag kinakaharap natin ang isang malakas na pwersa ng kaaway at di sapat ang ating lakas para salubungin ang kanyang atake, ginagamit natin ang paraan

ng pag-ikot. Binibilisan nating makarating sa isang lugar na walang kaaway, at gagamitin ang mga dasdas sa bundok para hindi makahabol ang kaaway. Kasabay nito, pinapakilos natin ang mga masang nadadaanan upang magsagawa ng pagmanman sa ating unahan at likuran nang sa gayon hindi tayo maatake ng kaaway mula sa alinmang direksyon.

*11. PAGLUSOT SA MGA MAHIHIRAP NA SITWASYON.*

Ipagpalagay na sa likuran hinahabol tayo ng kaaway at sa unahan ay mayroong balakid, o ang kaaway na humahabol ay masyadong malakas para sa atin. Bilang hakbang para lusutan ang gayung mahirap na sitwasyon, maaari tayong magpalakad ng isang bahagi ng ating pwersa palayo ng 4 o 5 li, upang akitin ang kaaway sa malaking daan habang ang ating pangunahing pwersa ay lumiko sa isang gilid na daan para takasan ang kaaway. O maaari tayong lumiko paikot tungo sa likuran ng kaaway at surpresang salakayin siya doon. O kaya palakarin ang lokal na milisya sa ibang daan at nag-iiwan ng ilang bagay, gumagawa ng mga bakas sa kalsada, naglalagay ng mga patalastas, atbp., upang akitin ang kaaway na sundan sila. Kasunod, ang ating pangunahing pwersa ay biglang susulpot mula sa gilid ng kalsada, binibira ang kaaway sa kanyang unahan at hulihan, pinapaligiran siya sa lahat ng panig, at biglang bibira ang ating pwersa mula sa gilid ng daan, at nililipol siya.

*12. "MAGLIKHA NG INGAY SA SILANGAN, BUMIRA SA KANLURAN."*

Kung nagnanais ang hukbo na umatake sa isang lugar, hindi ito diretsong tutungo sa naturang lugar bagkus babaling muna sa ibang lugar at sa kalagitnaan ng kanyang paglakad saka lang magpapalit ng direksyon, upang salakayin at durugin ang kaaway. "Wala nang pagkakataon pang takpan ang taenga pagtunog ng kulog."

*13. KUBLING MGA ATAKE SA AMBUS.*

Kapag mabilis na hinahabol tayo ng kaaway, pipili tayo ng isang pwesto at hintayin siyang dumating. Sa gayon, madudurog natin ang kaaway sa isang iglap.

*14. PAG-AMBUS SA KAAWAY HABANG SIYA'Y NAGLALAKAD.*

Kapag natiktikan nating balak ng kaaway na umabante mula sa isang lugar, pipili tayo sa kanyang dadaanan ng makitid na landas na bumabagtas sa masalimuot na kabundukan at magpadala ng isang bahagi ng ating tropa—o isang grupo ng *sharpshooters*—at kumubli doon, o sa kagubatan, at hintayin ang kanyang pangunahing pwersa na dumaan. Pagdaan ng kaaway, tatapunan sila ng

malalaking bato mula sa bundok at paulanan sila ng bala, o sipatin ang kanyang mga kumander na nakasakay ng kabayo.

*15. "PAGGAWA NG MALAKAS NA DEPENSA SA PAMAMAGITAN NG PAGLIMAS NG KANAYUNAN."*

Kapag pinaabot na ng ating mga paniktik na dumarating ang kaaway, at hindi sapat ang ating pwersa na makipagsagupa, dapat isagawa natin ang taktikang (strategem) *"paggawa ng malakas na depensa sa pamamagitan ng paglimas ng kanayunan."* Itinatago natin ang mga pagkain, paninda, panggatong, butil, mga lutuan at iba pang kagamitang pangkusina, atbp., upang ipagkait sa kaaway ang suplay ng pagkain. Tungkol naman sa masa sa lugar, liban sa mga matatanda, babae at bata na iniiwan para mangalap at magpasa ng mga impormasyon, lahat ng malalakas na lalake ay pinatatago natin. Sa gayon, walang magagamit ang kaaway na tagahakot, giya at iskawt. Kasabay nito, magpalakad tayo ng ilang tauhan sa mga linya ng komuniskasyon sa likuran ng kaaway upang putulin ang kanyang linya ng suplay, dakpin ang kanyang mga kuryer, at putulin o isabotahe ang kanyang mga pasilidad sa komunikasyon.

*16.PAGHARAP SA SUPERYOR NA KAAWAY.*

*a. Kapag aatake ang kaaway, tayo'y aatras.*

Kung ang pwersa ng kaaway ay mas mahina sa atin, hindi siya mangahas na umatake. Kaya kapag patungo siya sa atin, maaari nating mahinuha na ang kaaway ay tiyak na pumupunta nang may superyor na pwersa at ayon sa isang plano at may preparasyon. Kung gayon, akma para sa atin na iwasan ang kanyang pwersang bumubungad. Gayunman, kung makakasalubong natin ang kaaway habang umaatras, at wala tayong malinaw na impormasyon tungkol sa kanya o alam na mas malakas siya sa atin, dapat isagawa ang maingat na pag-atras nang walang ni katiting na pag-aatubili.

Kung saang lugar tayo aatras, hindi akma na tahakin ang mahabang distansya sa kahabaan ng pangunahing mga daan dahil masusundan tayo ng kaaway hanggang sa mahabol. Sa halip, paliku-liko tayong lumayo. Kung ang kaaway ay nasa ating unahan, dapat tayong umikot patungo sa kanyang likuran; kung siya'y nasa bundok, bumaba tayo sa mga lambak; kung ang kaaway ay nasa gitna, tayo'y aatras sa dalawang panig; kung siya'y nasa kaliwang pampang ng ilog, tayo'y aatras sa kanang pampang; kung siya'y nasa kanang pampang, tayo'y aatras sa kaliwang pampang.

Dagdag pa, sa pag-atras, kung tayo'y makarating sa isang nagsanga-sangang daan, sasadyain nating mag-iwan ng mga bagay sa bahagi ng daan na hindi natin tatahakin o magpalakad ng isang maliit na bahagi ng ating pwersa at mga kabayo sa direksyong iyon upang makapag-iwan ng mga bakas o magsulat ng mga patalastas at palatandaan. O maaari tayong magsulat ng mga palatandaan sa daan na tatahakin natin na nag-iindikang sarado ito. Sa gayon, nagaganyak natin ang kaaway na ibaling ang kanyang paghahabol at atake sa ibang direksyon.

Sa gayong mga sirkunstansya, pinakamainam na palikasin ang masa at mga armadong pwersa tulad ng milisya, pulis, mga armadong boluntaryo, atbp., sa iba't ibang ruta sa lahat ng direksyon upang lituhin ang kaaway. Maaari tayong mag-iwan ng bahagi ng ating tauhan, itago ang kanilang mga uniporme at armas at magbalatkayong mga komersyante, malilit na tagalako, at iba pa. Magkakalat sila ng mga tsismis at magkunwaring matulungin upang makapangalap ng mga impormasyon tungkol sa bilang ng kaaway, sa kanyang mga plano, lokasyon at pagkilos sa loob ng kanilang kampo, gayundin ang mga pag-iingat na kanyang ginagawa.

Kung tinatanong sila ng kaaway ukol sa direksyong tinahak natin sa pag-atras, dapat silang magulong sumagot, itinuturo ang silangan habang sinasabi ang kanluran, itinuturo ang timog habang sinasabi ang hilaga, hinahalinhan ang malaki ng maliit at ang maliit ng malaki, magulong nagsasalita at naglilikha ng tsismis. Maghihintay sila hanggang sa nakaamba nang umatake ang ating hukbo, pagkatapos kukunin na ang kanilang itinagong mga uniporme, isuot ang mga ito, ilabas ang kanilang mga armas, at salakayin ang kaaway sa mismong kinaroroonan niya, sa gayon malilipol siya at iipitin siyang wala nang matakbuhan pa.

*b. Kapag ang kaawa'y aatras, tayo'y hahabol.*

Kapag ang kaawa'y aatras, mainam na samantalahin ang pagkakataon upang umabante. Sa sitwasyong ito, malamang may malaki nang pagbabago sa katayuan ng kaaway, dahil kung hindi, hindi siya aatras, at ito'y nangangahulugang hindi siya handang makipagsagupa sa atin nang may kapasyahan. Kung susunggaban natin ang pagkakataong ito at maglunsad ng atake sa kanyang hulihan, tiyak na hindi determinadong lalaban ang kanyang tagapayong na mga yunit, at alinsunod sa balangkas ng kabuuang plano ng kaaway, magiging mahirap para sa kanyang mga yunit na nasa unahan na bumalik at lumahok sa sagupaan. Sa mahirap na tereyn

ng kabundukan, ang mga daan ay makikitid, nagsasalu-salubong ang mga ilog at sapa, kaya maraming mga tulay na maski babalik ang mga pwersa ng kaaway na nasa unahan, nangangailangan ito ng mahaba-habang oras. Kaya pagdating nito sa lugar ng sagupaan, nalipol na at nadisarmahan ang kanyang hulihan.

Sa mga oras na ito, ang mga organisasyon ng masa ay dapat gumamit ng mga paraan para sirain ang mga tulay sa rutang inaatrasan ng kaaway, o putulin ang mga alambre ng kanyang sistema ng komunikasyon. O, pinakamainam sa lahat, hintayin nilang makalampas ang bulto ng pwersa ng kaaway, at sinasamantala ang proteksyong ibinibigay ng ating hukbo, harangan ang daan ng pag-atras ng kaaway, sa gayon, maski maghangad na bumalik ang kanyang pwersa ay hindi nito magagawa, at maski mag-asam ng saklolo, hindi nito makukuha.

Sa gayong mga panahon, ang pinakamahalagang tungkulin ng masa ay tiktikan ang direksyong inaatrasan ng kaaway upang tiyakin kung siya'y nakaambang o hindi na umambus, o nagkunwaring umaatras lang sa hangad na paligiran tayo sa dalawang panig, at kaagad na iulat sa atin, sa gayon, mapapalakas ang loob ng ating hukbo para habulin ang kaaway o mag-isip ng paraan upang iwasan ang kaaway.

*c. Kapag ang kaawa'y huminto, tayo'y haharas.*

Kung bagong dating pa lamang ang kaaway sa ating teritoryo, hindi pa siya pamilyar sa tereyn, hindi niya nauunawaan ang lokal na salita, at di siya nakakakuha ng anumang impormasyon mula sa mga paniktik na kanyang pinapalakad, na wari'y pumasok siya sa isang napakalayo at mahirap marating na lugar. Sa panahong ito, dapat nating pag-ibayuhin ang ating pag-haras—nagpapaputok kung saan-saan, nililigalig siya araw at gabi, sa gayon pinapagod ang kanyang isip at katawan. Sa gayung kalagayan, anumang hukbo, gaano man kalakas, ay magsisimulang magdalawang-isip at mapagod. Kailangan lang hintayin na ang kaaway mismo'y nagdududa na sa kanyang kapasyahan at pati katawa'y nanghihina na, at kapag ibinuhos ang buong lakas ng ating pwersa sa tamang oras, maaari natin lubos na lipulin siya.

*17. PAGTRATO SA ISANG MAHINANG KAAWAY.*

Dahil lumalaban tayo para sa kapakanan ng ating bayan at para sa pagkakamit ng mga layunin ng PAGER—lipulin ang kaaway at pukawin ang kapasyahan ng masa—kapag kinakaharap natin ang isang mahinang kaaway, natural lamang na makipag-isa tayo sa masa sa apektadong lugar upang paligiran at lipulin siya sa

isang iglap.

*18. PAGPUKAW SA MASA.*

Laging mayroon sa hanay ng masa ang nakakalimot sa dakilang mithiin para lamang sa maliliit na bentahe. Malimit na kapag nakatanggap ng malaking pabuya mula sa kaaway, kikilos silang labag sa konsyensya at makipagtulungan sa mga pwersa ng kasamaan. Sa dahilang ito, bago pa man dumating ang kaaway sa isang lugar, dapat gawin natin ang lahat para patingkarin ang sigla ng masa, pukawin ang kanilang kapasyahang lumaban at patampukin sa kanila ang di matitinag na kapasyahang lumaban hanggang sa kahuli-hulihan nang walang paghahabol ng bentahe, nang walang pakikipagkompromiso at pagsuko.

Himukin silang buong pusong tupdin ang ating mga atas at makipagtulungan sa ating hukbo na labanan ang kaaway. Kasabay nito, dapat nating buuin ang "mga asosasyon ng paglaban sa kaaway," "mga asosasyon para sa kaligtasan ng bayan," at iba pang tipo ng mga propesyunal na organisasyon para mapadali ang transmisyon ng mga atas at ang ebakwasyon ng mga taga-baryo sa panahon ng pangangailangan, at linisin ang mga traydor at sagkaang magamit sila ng kaaway.

## KABANATA III
## ANG LAYUNIN NG DIGMA

Ang ultimong layunin ng PAGER ay ang pagdisarma sa kaaway, pagdurog sa kanyang lakas na lumaban, pagbawi sa mga teritoryong kanyang inukupa, at iligtas ang ating mga kapatid na kanyang tinatapak-tapakan. Kung kailan, dahil sa obhetibong mga sirkunstansya at iba't ibang salik, nagiging imposible na tamuhin ang layuning ito at nangyayari kung minsan na ang mga eryang di apektado ng mga labanan ay mapayapang kontrolado ng kaaway. Hindi dapat hayaan lang na ganito. Dahil sa posibilidad na ito, dapat tayong mag-isip ng iba't ibang paraan para magdulot ng pinsalang pang-ekonomya at pampulitika sa kaaway sa mga eryang ito at wasakin ang kanyang mga pasilidad sa komunikasyon, upang sa gayon, bagamat okupado ng kaaway ang ating teritoryo, magiging walang silbi ito para sa kanya at magpapasyang bumaklas sa kanyang sariling inisyatiba.

Sa PAGER, dapat nating tanganan ang prinsipyong "Ang magkamit ng teritoryo ay hindi dahilan para magsaya, ang mawalan ng teritoryo ay hindi dahilan para maging malungkot." Walang anuman ang mawalan ng teritoryo o mga syudad.

Ang mahalaga'y makapag-isip ng mga paraan para lipulin ang kaaway. Kung hindi nababawasan ang epektibong lakas ng kaaway, maski makakakuha tayo ng mga syudad hindi rin natin ito mapanghahawakan. Kabaliktaran nito, kapag ang ating pwersa ay di pa sapat, kung bibitawan natin ang mga syudad, mayroon pang pag-asa na muling makukuha natin ang mga ito. Hindi mainam na idipensa natin hanggang sukdulan ang mga syudad dahil hahantong lamang ito sa pagsasakripisyo ng ating epektibong lakas.

## KABANATA IV

## ORGANISASYON

*1. MGA OPORTUNIDAD PARA SA PAG-OORGANISA.*

a. Kapag nakatuon tayo sa pakikidigma sa isang bukas na erya, ito'y mga lugar na manipis ang populasyon, mababa ang antas ng kultura, mahirap ang komunikasyon at kapos ang mga pasilidad para dito, ito'y mga bentahe para sa atin.

b. Makitid pero mabundok na mga erya, pataas-pababa ang kalupaan, o mga eryang nasa kalapitan ng makikitid na mga daan—ang lahat ay hindi kumbinyente para sa pagkilos ng malalaking bilang ng tropa—ay mga bentahe rin para sa atin.

Umiiral din ang mga oportunidad:

c. Kung ang mamamayan sa likuran ng kaaway ay nakikisimpatya sa ating hukbo.

d. Kung ang kaaway ay mahusay na naaarmasan, marami at matatapang ang kanyang mga tropa, kung kaya dapat nating iwasan ang direktang pakikipagsagupa.

e. Kung ang kaaway ay pumasok nang malalim sa ating teritoryo at tayo ay naghahanda para magsagawa ng mga hakbang upang i-haras at harangin siya sa lahat ng lugar.

f. Masukal na kagubatan o matambong mga latian na maaari nating pagtaguan, ay napakabentahe para sa ganitong layunin, laluna sa huling mga bahagi ng tag-init at taglagas kung kailan tayo mahusay na makakakubli sa mga ito.

*2. MGA ANYO NG ORGANISASYON*

*Ang hakbang ng isang yunit gerilya ay maaaring isa sa mga sumusunod na anyo:*

a. Magpalakad ng isang malaking yunit kabalri mula sa ating pangunahing pwersa, kasabay ang naisasakay na kanyon, o kabalri na nasasamahan ng isang platun o mas marami pa na armado ng magagaang awtomatikong armas. Lulusot sila sa pinakamabilis na paraang possible sa likuran ng kaaway, wasakin ang lahat ng kanyang linya ng komunikasyon doon, at ipatupad ang ganap na pagwasak sa lahat ng kanyang mga imbakan ng pagkain, pagkain ng kanyang mga kabayo, at mga bala. Dagdag pa, magpalakad sila ng isang maliit na grupo ng kanilang pwersa upang wasakin ang lahat ng lugar na may kabuluhang militar sa likuran ng kaaway. Kapag naipatupad na ang mga hakbang na ito, babaling ang grupo sa ibang direksyon at muling makipagsanib sa pangunahing pwersa.

b. Magpalakad ng kabalri o isang espesyal na grupo ng inpantri. Ang kanilang lakas ay dapat mula sa isang platun hanggang sa ilang kumpanya. Dapat silang makalusot sa likuran ng kaaway sa pinakamalalim na posible at, kumikilos nang mabilis at nang hindi nalalaman kung saan, ay dapat maglunsad ng bira mula sa isang lugar tungo sa iba. Kung walang mapagpipilian, o ang kaaway ay hindi aasahang darating sa isang takdang panahon, maaari din silang lihim na manatili sa lugar kung saan sila. Depende sa hinihingi ng sitwasyon, maaari nilang gamitin ang lahat o isang bahagi lamang ng kanilang pwersa. Babalik sila kapag di na sila maaari pang makapanatili sa likuran ng kaaway nang mas matagal, o kapag naipatupad na ang atas na naibigay sa kanila, o dahil nadiskubre na ng kaaway ang kanilang mga bakas at ang balak, at gumawa na siya ng mga hakbang ng pagdepensa.

c. Sa likuran ng kaaway, pipili tayo ng ilang bata pa, malalakas at matatapang na elemento mula sa lokal na populasyon at mag-organisa ng mga maliliit na grupo na handang pumailalim sa pamumuno ng mga may karanasan at kasanayang tao na ipinapadala natin o ng mga taong mula sa lugar na may karanasan at nabigyan na natin sa nakaraan ng pagsasanay. Ang lihim na aktibidad ng mga maliliit na grupong ito ay ang kumilos mula sa kanilang erya tungo sa iba pa, pinapalitan ang kanilang uniporme, mga numero ng yunit, at panlabas na anyo, at ginagamit ang bawat paraan upang matakpan ang kanilang mga bakas.

d. O humanap ng mga boluntaryo mula sa ating hukbo at bigyan sila ng magagaang mga armas na mataas ang kalidad, upang buuin silang mga espesyal na yunit

gerilya sa ilalim ng pamumuno ng mga upisyal na mayroon nang karanasan at kaalaman.

e. Makaklasipika ang mga yunit gerilya batay sa kanilang katangian. Yung binubuo ng mga piling boluntaryo ay tinatawag na mga *ESPESYAL NA YUNIT GERILYA*. Yung inorganisa, sa kalahatan, mula sa isang bahagi ng ating hukbo ay tinatawag na mga *BATAYANG YUNIT GERILYA*. Ang inorganisa mula sa lokal na populasyon ay tinatawag na mga *LOKAL NA YUNIT GERILYA*. Kapag ang mga batayan at lokal na yunit gerilya ay nagkumbina sa mga pinagsanib na aksyon, sila ay papailalim sa unipikadong kumand ng kumander ng batayang yunit.

f. Kaugnay ng pagpili ng mga myembro ng isang yunit gerilya, ang mga myembro ng batayang yunit gerilya ay dapat hugutin mula sa mga mandirigmang mahusay ang kalusugan, matatag ang kapasyahan, matyaga, matapang at listo. Dagdag pa, ang mga myembro mismo ay handang pumaloob sa grupo. Sa mga kaso ng independyenteng aksyon na isinasagawa ng mga myembro sa takbo ng mga operasyong gerilya, walang paraan, sa kalahatan, na maberipika kung naipapatupad ang kanilang mga tungkulin alinsunod sa mga atas, at madalas na kumikilos sila nang lampas sa kaalaman ng responsableng kumander. Sa dahilang ito, ang pagpili at pagsasanay ng mga myembro ng mga yunit gerilya ay dapat umayon sa sentral na tema ng "matapat na pagpapatupad sa naibigay na atas."

g. Ang pagpili at pagmungkahi ng kumander sa isang grupong gerilya ay nangangailangan ng higit pang masusing pagsusuri. Ang kapasidad ng mga kumander para sa matapat at mapagpasyang aksyon, sa kanilang kaalamang militar—laluna ang kanilang kaalaman sa mga taktikang gerilya—sa kanilang pagkakaroon ng masiglang katalinuhan at abilidad na mabilis umangkop sa nagbabagu-bagong mga sitwasyon, sa kanilang katapatan, at sa kanilang kapangahasan ay di maisasantabing mga kundisyon para sa pagsasakatuparan ng mga plano at pagkukumpleto ng ating mga tungkulin.

*3. ANG BILANG NG TROPA.*

Ang bilang ng tauhang bumubuo sa isang yunit gerilya ay itinatakda ng mga tungkulin, pero sa karaniwan, ito ay lima o sampu hanggang higit isang libo. Gayunman, ang maksimum na lakas ng isang yunit na ganito ay di maaaring lumampas sa isang rehimento. Kung masyadong malaki ang bilang ng mga mandirigma, magiging mabagal ang pagkilos ng ating pwersa, magkakaroon ng

malaking kahirapan sa suplay ng pagkain, at magiging mahirap na ikubli ang mga tropa sa paggamit ng mga pekeng uniporme. Dahil sa mga problemang ito, maaaring madiskubre o malantad ang ating mga plano bago pa man maipatupad. Dagdag pa, magiging problema ang muling pagdaragdag ng suplay ng bala. At magiging malimit na makakaranas tayo ng kahirapan dahil sa di mahusay na mga daanan, na ang resulta ay hindi lamang magiging ilusyon ang lahat ng ating mga plano kundi malimit na masasadlak din tayo sa mga kahirapang walang saysay na paglalabas at pagbabalik.

Ang malaking superyoridad ng isang maliit na yunit gerilya ay nasa kanyang di pangkaraniwang mobilidad. Sa paglalaan lamang ng kaunting panahon at pagsisikap makakapangalap ng pagkain, at magiging madali rin ang paghanap ng lugar na pagpapahingaan, dahil di masyadong malaki ang kailangang pagsisikap tungkol sa usapin ng rasyon o lugar na pagkakampuhan. Hindi rin gaanong maaabala ng di mahusay na mga daanan, at madali ang paghahagilap ng suplay ng bala at gamot. Kung pumalpak man ang ating operasyon, makakaatras tayo nang maayos.

*4. MGA TIPO NG MANDIRIGMA.*

Kaugnay ng tipo ng mga mandirigmang gagamitin sa mga yunit gerilya, ang kabalri, mga inhinyero, at mataas ang mobilidad na mga tropang inpantri ang mahuhusay. Tungkulin ng kabalri na maglikha ng kaguluhan sa mga tagiliran ng kaaway, gayundin, kapag hinahabol natin ang kaaway, ng pagmantini ng presyur sa kanyang hulihan at maglikha ng kalituhan sa kanyang mga tagiliran at sa kanyang likuran. Dagdag pa, sa lahat ng panahon, ang kabalri ang tanging instrumento ng yunit gerilya para sa pagpapasa ng komunikasyon at para sa pagmamanman. Kaya di maisasantabi ang kabalri sa alinmang yunit gerilya. Ang mga inhinyero ay ginagamit sa pagwasak ng mga komunikasyon sa likuran ng kaaway (tulad ng riles, mga linya ng telepono at telegrama, mga tulay, atbp.). Ang mataas ang mobilidad na mga yunit inpantri ay ginagamit sa paggitla sa kaaway at paglikha sa kanya ng walang kapanatagan sa araw at gabi.

*5. MGA ARMAS.*

Bukod sa mga riple ng inpantri at kabalri, magagaang masinggan, mga granada, atbp., ang mga yunit gerilya ay dapat masuplayan din ng mga pistola at submasinggan.

Hangga't pinapahintulot ng tereyn, maaari ding magdadag ng mabibigat na masinggan, mga mortar at maliliit na kanyon.

*6. MGA TAUHAN AT BAGAHE.*

Dahil kaluwagan ng pagkilos at kaliksihan ang mga katangian ng isang yunit gerilya, ang mga bagahe, mga kagamitan at bala, atbp., ay dapat lahat mapanatiling simple hangga't posible para sa pangangailangan ng kaginhawaan. Ang mga myembrong kombatant at di kombatant ng yunit ay lahat inoorganisa sa paraang pinakaakma para sa PAGER, at ang lahat ng iba pang tauhan na di naman masyadong kailangan ay dapat panatilihin sa istriktong minimum.

a. Ang mga upisyal at tauhan sa bawat iskwad gerilya ay di dapat lalampas sa 8; bawat platun ay di dapat lalampas sa 26; at bawat kumpanya ay di dapat lalampas sa 100.

b. Kung medyo sagana ang awtomatikong armas, maaari pang bawasan ang bilang ng tauhan, at ang mga yunit gerilya na binubuo ng 5 o 6 na tauhan ay maaaring paulit-ulit na pakilusin upang makamit ang pinakamalaking resulta kaugnay ng pag-haras sa kaaway o pangangalap ng inteligens.

c. Sa karaniwan, bawat kumander ng isang yunit ay magtatalaga ng isang alalay (orderly) lamang. Bukod rito, alinsunod sa bigat ng mga atas, dapat pagbahaginan ng 2 o 3 upisyal ang mga serbisyo ng isang alalay. Higit pang atensyon ang dapat isaalang-alang na hindi maabuso ang tuntuning ito sa pamamagitan ng di kinakailangang pagdaragdag ng bilang ng kuryer bilang kapalit ng mga alalay at sa pagtitiyak na ang di kinakailangang malaking bilang ng tauhan ay hindi nagpapatupad ng isang takdang atas, dahil kung ganito, mababawasan ang lakas lumaban ng mismong sariling yunit. Kaya, kapag nagpalakad ng mga kuryer, dapat masusing tinitiyak kung naipapatupad nila o hindi ang naiatas sa kanila.

d. Mas mabuti na ang bawat yunit suplay ay hindi nagdadala ng bultu-bultong pagkain. Kung nasaid ang mga tuyong rasyong dinadala ng bawat mandirigma, dapat samantalahin ang mga pagkakataong makahiram ng mga lutuan mula sa populasyon para makapaghanda ng mga suplementaryong rasyon. Kung kinakailangang magdala ng mga balutan, bawat yunit ay di dapat magkarga ng sobra sa dalawa.

e. Di dapat nagdadala ng mga balutan ng mga materyal sa pagsusulat nang sobra sa kailangan. Sa karaniwan, dalawang balutan para sa isang rehimento, isa bawat batalyon, at isa bawat kumpanya ay pinapahintulutan. Ang bigat ng bawat balutan ay di dapat lumampas sa 40 kilos.

f. Dapat dalhin ng bawat upisyal at mandirigma ang sarili nilang gamit pantulog, pak, atbp. Di dapat ang mga kargador pa ang magdala sa mga bagay na ito. Dapat matatag na pairalin ang tuntuning ito sa una pa.

*7. MGA BAGAY NA DAPAT DINADALA.*

Dapat dinadala ng isang yunit gerilya ang mga sumusunod na bagay:

a. Mga kagamitan at eksplosibo para sa pagwasak ng mga riles, linya ng telepono at telegrama, arsenal atbp.

b. Mga gamot. Ang mga kailangan sa mga kaso ng emergensi ay dapat dinadala alinsunod sa panahon, pero ang mga benda, atbp., ay dapat laging mayroon.

c. Kompas at mga mapa ng eryang kinikilusan ng yunit gerilya.

d. Magagaang kagamitang pangkomunikasyon, na napakahalaga para maiulat sa lahat ng panahon ang sitwasyon ng kaaway at mapakinggan ang mga ulat ng kaaway.

e. Isang takdang halaga ng pera para sa biglaang mga pangangailangan at sa pagbili ng pagkain.

*8. DISIPLINA.*

Ang husay o hindi ng disiplinang militar ng isang yunit gerilya ay nagsasalamin sa reputasyon ng ating buong hukbo at sa kanyang abilidad na kamtin ang simpatya at suporta ng masa. Ang istriktong disiplina lamang ang maggagarantya sa lubos na tagumpay ng lahat ng ating mga independyenteng aksyon. Samakatuwid, ang ating aktitud sa mga taong lumalabag sa disiplinang militar, pumipinsala sa interes ng mamamayan, at hindi puspusang tumutupad sa mga atas ng kanilang superyor, ay ang pagpapataw sa kanila ng mabigat na parusa nang walang pag-aalinlangan. Ang aplikasyon ng disiplinang militar sa isang yunit partisano ay hindi lamang naglalayon ng kaparusahan. Bagkus, naglalayon itong palakasin ang pampulitikang pagtuturo sa mga upisyal at tauhan at pag-aangat sa kanilang antas ng pampulitikang kamulatan, sa gayon, di tuwirang nagtatanggal sa malaking bilang ng mga aksyon na labag sa disiplinang militar at maturuang unawain ng mga upisyal at tauhan ang damdamin ng masa, sa gayon epektibong makikipag-isa sila sa karaniwang mamamayan sa akmang mga panahon.

*9. ANG PAMPULITIKANG ORGANISASYON.*

a. Bawat malaki at maliit na grupo ng gerilya ay dapat mayroong *pampulitikang direktor*, at sa mga himpilan ng yunit gerilya ay dapat mayroong kagawaran ng pagsasanay pampulitika, para sa pagdidirihe ng pampulitikang gawain ng mga upisyal at kawal at para sa pagtugon sa mga usaping pantao ng lahat ng mga pampulitikang instruktor.

b. Bawat yunit suplay *(mess unit)* ng isang yunit gerilya ay dapat magtayo ng isang espesyal na komisyoner upang mamanmanan ang impiltrasyon at aktibidad ng mga reasyunaryong elemento at maghimok sa mga kawal na walang malinaw na pang-ideolohiyang kamulatan na paurong-sulong sa kanilang paninindigan.

c. Upang mapigil ang pagtakas ng mga kawal, isang komite kontra sa pagtakas, gayundin ng "grupo ng sampu," ay dapat mabuo sa bawat yunit gerilya. Ang mga grupo ng sampu at komite kontra sa pagtakas ay mga negatibong (?) paraan ng pagpigil sa pagtakas. Ang kanilang organisasyon at gawain ay dapat maitaguyod ayon sa:

   i. Upang mapigil ang pagtakas, bawat yunit gerilya ay dapat magtayo ng isang komite kontra pagtakas at bawat yunit suplay ay dapat magtayo ng isang grupo ng sampu.

   ii. Ang komite kontra pagtakas ay dapat buuin ng mula pito hanggang siyam katao, ang isa sa kanila ay tatayong pinuno at ang iba'y bilang kagawad. Dapat itong buuin ng mga kadreng mula sa mababang antas na matyaga at matatag mag-isip, gayundin ang mga pinuno ng mga grupo ng sampu. Isa sa mga grupo ng sampu ang tatayong pinuno habang ang iba'y mga kagawad. Sila ay binubuo ng matapat at maaasahang mga kawal.

   iii. Ang kabuuang aktibidad ng mga grupo ng sampu ay nakapailalim sa komite kontra pagtakas. Sa mga usaping militar, nakapailalim ito sa kumander ng yunit at sa komite kontra pagtakas. Sa ibang mga gawain, nakapailalim ito sa kagawaran sa pagsasanay pampulitika. Ang kapwa mga grupo ng sampu at mga komite kontra pagtakas ay dapat pumailalim sa paggabay ng kanilang kumander.

   iv. Dapat isaalang-alang ng gawain ng grupo ng sampu ang lahat ng aksyon at pananalita ng mga upisyal at kawal, laluna ang mga walang ginagawa sa kampo ("camp idlers") at mga katulad nila. Ang mga di istableng elemento ay dapat lihim na namamanmanan, maski sila'y myembro ng grupo ng sampu o

kanilang mga kaibigan.

Ang mga pulong ay dapat maidaos minsan sa isang linggo para repasuhin ang nagawa at iulat sa kumander at sa komite kontra pagtakas ang pangkalahatang sitwasyon sa lahat ng panahon. Matapos ang bawat matinding kahirapan o kapag ang ating hukbo ay nakaranas ng maliit na pagkatalo at nananatili sa kanyang baseng kampo, dapat bigyan ng natatanging atensyon ang mga di paborableng aktitud na maaaring sumulpot sa hanay ng mga kawal, gayundin sa mga usap-usapang maaaring maglagay sa panganib ang moral ng mga kawal.

v. Ang gawain ng komite kontra pagtakas ay pangunahing nakatuon sa pagtatasa sa gawain ng mga grupo ng sampu at sa pagpapayo at paggabay sa kanila sa akmang mga panahon. Maaari ding tumawag ang komite ng mga kumperensya ng mga pinuno ng mga grupo ng sampu, o mga kumperensyang plenaryo ng lahat ng mga myembro ng mga grupo para talakayin ang pag-unlad ng gawain sa kabuuan.

Ang buhay ng kawal ay tulad ng nakatira sa disyerto, at bawat araw napapagod ang tauhan dulot ng pampulitikang pag-aaral at pagsasanay sa sining ng kombat. Maaaring madali nitong bigyang-daan ang pagsulpot ng mga damdamin ng pagkasuya at pagtutol. Upang mabigyang libangan ang hukbo at punuan ang isang nakayayamot na buhay, dapat itayo ang mga kapisanan at silid-libangan sa isang yunit gerilya. (Tungkol sa mga detalye ng organisasyon at mga aktibidad ng mga kapisanang ito, tingnan ang nakalahad sa Tsapter XV, 10.)

*10. MGA ESPESYAL NA ANYO NG ORGANISASYONG MILITAR.*

a. Upang punuan ang kasalatan sa suplay ng bala at mahinang pagtudla, bawat kumpanya ay dapat magkaroon ng tatlo hanggang siyam na sharpshooters na tanging gagamitin sa pagsipat sa ambus mula sa malayong distansya o sa pagsipat sa mga espesyal na target (mga upisyal ng kaaway, mga humahawak ng masinggan o kanyon, mga kuryer, atbp.).

b. Ang kumander ng bawat malaki at maliit na mga grupo ay dapat pumili ng matalas ang matang mga kuryer bilang tagamanman. Karaniwan, ang kumander ng malaking grupo ay dapat may dalawa, ang kumander ng maliit ay isa. Ang tanging trabaho ng mga taong ito ay punuan ang kakulangan sa pag-oobserba sa labanan.

c. Bawat malaki at maliit na grupo ng isang yunit ay dapat mayroong dalawang nars na ang tanging gawain ay magbigay ng pangkagipitang lunas sa mga maysakit na upisyal at kawal at sa pagtuturo ng pangangalaga sa kalusugan.

d. Upang makakuha ng maaasahang impormasyon hinggil sa mga dispusisyon ng kaaway nang sa gayon malabanan siya nang hindi nagpapalampas ng anumang oportunidad, lahat ng mga yunit gerilya ay dapat magbuo ng mga grupo ng mga iskawt. Sa karaniwan, magiging sapat na kung ang bawat yunit ay may isang platun, bawat malaking grupo ay may isang iskwad, at bawat maliit na grupo ay may mas maliit na bilang. Dapat ding magtayo ng lambat ng mga lokal na iskawt saanman sila pumunta, o ng mga iskawt na nakakubli sa unahan.

## KABANATA V
## MGA TUNGKULIN

Ang pangunahing layunin ng mga aksyon ng isang yunit gerilya ay magdulot sa kaaway ng pinakamalakas na mga bira sa kanyang moral at sa paglikha ng kaguluhan at pagkabalisa sa kanyang likuran, sa pagbatak ng kanyang pangunahing pwersa sa tagiliran o sa hulihan, sa pagpigil o pagpabagal sa kanyang mga operasyon, at sa kalaunan, sa pagpawi ng kanyang lakas na lumaban upang sa gayon ang kanyang mga yunit ay paisa-isang madurog at mailagay siya sa isang sitwasyon, na sa pamamagitan ng mabibilis at mapanlinlang na mga aksyon, ay hindi siya maaaring umabante o umatras.

1. Wasakin ang mga riles at lansangan sa loob ng erya ng aksyon, gayundin ang importanteng mga istruktura sa kahabaan ng mga kalsada. Natatanging importante ang mga linya ng telepono at sistema ng telegrama.
2. Wasakin ang pangunahin at segundaryong mga imbakan ng suplay ng kaaway.
3. Wasakin ang mga bodega ng pagkain at kagamitang militar ng kaaway.
4. Bumira sa likuran ng kaaway, sa kanyang naghahakot na tren, o sa kanyang nakakabayo o di nakakabayo na mga kuryer, gayundin sa kanyang nakakabayong mga iskawt, atbp. Kumpiskahin din ang mga panustos at bala na dinadala ng kaaway mula sa likuran patungong larangan ng labanan.
5. Bumira sa mga nakahiwalay na grupo ng kaaway sa mga mataong erya na di pa niya solidong nau-okupa.
6. Pakilusin at organisahin ang masa saan-saanman at tulungan sila sa kanilang

depensa sa sarili.

7. Wasakin ang mga paliparan at imbakang militar ng pwersang himpapawid sa likuran ng kaaway.

KABANATA VI

## MGA OPERASYON

*1. AKSYON*

a. Ang unang prinsipyo'y nasa maingat at lihim na paghahanda, at sa mabilis at biglaang atake. Ang malakas na hangin at ulan ay paborableng kundisyon para sa isang gerilyang atake, gayundin ang makapal na mababang ulap, dilim ng gabi, o sa mga sirkunstansyang posibleng bumira sa isang pagod na kaaway.

b. Ang mga operasyon ng isang yunit gerilya ay dapat nakatuon sa opensibang pakikidigma. Malaki man o maliit ang kanyang bilang, ang gayung yunit ay maaaring sumulpot kung saan di siya inaasahan at, sa kanyang mga atake, samantalahin ang kawalan ng paghahanda ng kaaway. Kung may mga indikasyong hindi paborable ang sitwasyon, o kung walang katiyakan ng tagumpay, akma na umatras nang mabilis upang hindi makaranas ng mga pinsala. Kung ang unang balak ng yunit gerilya na umatake ay nabigong makakamit ng bentaheng resulta, at ang kaaway ang siyang mag-opensiba, dapat kaagad na umatras ang isang yunit gerilya. Kapag humabol na lamang ang kaaway, at imposibleng iwasan ang kanyang mga atake na maaaring lumaban sa isang depensibong aksyon at pagkatapos, unti-unting umatras.

*2. ANG PAGGAMIT NG MGA TAKTIKA.*

a. Ang kinatatakutang pwersa ng isang yunit gerilya ay di dapat umasa lamang sa kanyang sariling lakas sa bilang, kundi sa paggamit ng mga biglaang atake at ambus, upang "maglikha ng ingay sa silangan at bumira sa kanluran," lilitaw dito ngayon at pagkatapos doon, gumagamit ng mga pekeng bandila at ng mga hungkag na pagpapakita, paglilikha ng mga tsismis ukol sa sariling lakas, atbp., upang basagin ang moral ng kaaway at likhain sa kanya ang matinding pagkatakot. Dagdag pa, dapat tuunan ng pansin ang ganitong mga prinsipyo: "Kaaway atake, tayo atras; kaaway atras, tayo atake, kaaway hinto, tayo haras," mga atakeng nakamuplahe, atbp.

b. Ang tunay na mabisang estratehiya upang itulak ang kaaway tungo sa kanyang pagkawasak ay nasa pagmomobilisa ng masa, sa pagsasagawa ng matibay na depensa sa pamamagitan ng "paglimas sa kanayunan," ng pag-akit sa kaaway sa kailaliman ng ating mga linya, sa pagputol ng kanyang komunikasyon, sa paglalagay sa kanya sa katayuang mahihirapan siya sa suplay ng pagkain, kung saan siya mapapagod at hindi paborable ang tereyn—saka maglunsad ng atake.

c. Sa paggamit ng mga taktikang tulad ng biglaang atake, ambus, paggawa ng matibay na depensa sa pamamagitan ng "paglimas sa kanayunan", atbp., dapat gawin ang lahat ng isang yunit gerilya na iwasan ang pusisyunal na pakikidigma at lahat ng harapang pakikipagsagupa. Bago mabigyan ng regular na pagsasanay militar ang mga lokal na yunit gerilya, di dapat sila isabak sa kaaway sa isang regular at mahahabaang labanan. Sa dahilang ito, kung bagong buo ang mga lokal na yunit gerilya, sila ay isasabak lamang nang nakikikoordina sa mga aksyon ng batayan at espesyal na mga yunit gerilya. Pagkaraan lamang ng isang takdang panahon na maaari silang independyenteng kumilos.

d. Bibira tayo sa isang lugar na mararanasan ng kaaway ang pinakamatinding hirap upang himukin ang kanyang pangunahing pwersa na sumaklolo sa lugar na iyon, pagkatapos, ipapadala natin ang ating pangunahing pwersa sa iba na salakayin ang nakahiwalay at mahinang pwersa ng kaaway o birahin ang kanyang reinporsment na naglalakad.

*3. BENTAHE AT DISBENTAHENG TEREYN.*

a. Dahil kaunti lamang ang nai-aalok ng bukas na tereyn na makukublihan, medyo disbentahe para sa atin kung dito mag-opereyt ang mga yunit gerilya. Ang masukal, mabundok o putul-putol na tereyn ay bentahe para sa atin.

b. Dapat maging lubos na pamilyar ang yunit gerilya sa tereyn ng eryang kanyang kinikilusan at laging nag-iisip ng paraan kung papaano siya susulpot mula sa isang lugar na di siya inaasahan ng kaaway, tumatahak sa mga lihim at tagong ruta tulad ng mga lambak, kagubatan o makitid na paliku-likong mga daan, upang lapitan ang hukbo ng kaaway at, sinasamantala ang sitwasyon ng kaaway, na dulot ng paniniwalang ligtas na siya ay wala nang ginawang anumang mga hakbang ng pagdidepensa. Pagkatapos, alinsunod sa prinsipyo ng "pagtunog ng kulog, wala nang pagkakataon pang takpan ang sariling tainga," ang yunit ay maaaring maglunsad ng mga biglaang dagok at pagkatapos ay maglaho upang magtago nang walang iniiwang mga bakas nang sa gayon nailalagay ang

kaaway sa kalagayang laging balisa, umaatras man o umaabante, umaatake o nagdedepensa, lumalakad o nakahinto, nakaupo o nakahiga.

c. Ang relatibong malalaking mga baryo, palengke at mga lugar na mayroong malaki-laking bulto ng butil at iba pang naililipat na ari-arian ay malimit na mga target ng atake at harasment ng kaaway. Dapat regular na tinitiktikan ng yunit gerilya ang mga bakas ng kaaway at maghanda ng ambus upang birahin siya habang naglalakad.

d. Dapat gamitin ng yunit gerilya ang bawat paraan, sa loob ng eryang kanyang kinikilusan, upang hadlangan ang paglusot ng maliliit na yunit ng kaaway at ang pagkubli ng kanyang pangunahing pwersa doon. Kung kinakailangan, dapat sikapin din ng yunit gerilya na alamin ang lakas militar, dispusisyon, at mga plano ng kaaway na nag-oopereyt sa labas ng kanyang erya ng aksyon.

*4. MGA PANAHON.*

Dapat naikokonsidera ng yunit gerilya ang mga panahon (ang taglamig, tag-araw, o taglagas ay paborable para sa mga operasyon), nang may pagsaalang-alang sa lakas ng ating pwersa at ng kaaway, laluna ang may kaugnayan sa mga armas ng digma; dapat maging lubos na pamilyar din siya sa pagkaka-organisa ng likuran ng kaaway. May kaugnayan din sa tereyn kung paborable o hindi ang bawat panahon para sa atin.

*5. LIHIM NA AKSYON.*

Ang partikular katangian ng mga operasyon ng yunit gerilya ay nasa pagsusurpresa sa kaaway. Sa gayon, dapat gawin ang lahat ng hakbang na posible para mapanatili ang paglilihim militar, tulad ng detalyadong paglalarawan sa ibaba:

a. Dapat ipaliwanag lamang ng kumander ng yunit sa kanyang pinamumunuan ang kanilang mga tungkulin at plano sa operasyon kapag sisimulan na ang aksyon. Kung kinakailangan, ipinapaliwanag lamang niya ang buong plano nang yugtu-yugto, upang nalalaman lamang ng iba ang bawat yugto kapag kailangan na.

b. Ang pinakamahusay na paraan ng transmisyon ng mga atas sa isang yunit gerilya ay ang oral na pagpapaliwag ng kumander sa kanyang mga pinamumunuan. Kailangang-kailangang ilimita ang mga nakasulat na atas hangga't pinakaposible,

upang maiwasan ang pagsingaw ng mga sekretong militar.

c. Hindi dapat lubos na tinatalakay ang gagawing mga aksyon at plano sa mga giya o sa lokal na populasyon. Ito'y kahit ang lokal na populasyon ay panig sa atin; at lalong higit na kailangang pagbawalan ang gayung mga pagsasalita kapag tayo'y nakaambang umatake sa isang lugar.

d. Dapat magpauna tayo ng matatapat at maaasahang mga iskawt upang obserbahan ang lugar na pagkakampuhan o pumwesto sa ambus sa gilid ng mga importanteng kalsada sa likuran ng kaaway, upang walang makaabot na impormasyon sa kanya.

e. Kapag umaabante tayo, ang ating mga tauhan sa hulihan ay may responsibilidad na burahin at alisin ang lahat ng mga sikretong sinyales at mga palatandaan sa kalsada. Dapat tayong umabante nang paikut-ikot upang di malaman ng kaaway ang direksyon ng ating pag-abante.

f. Ang pirming mga nakakodang pangalan ay dapat itakda sa lahat ng yunit at ang paggamit ng tunay na pangalan ng mga yunit ay dapat istriktong ipagbawal.

g. Liban lamang kung kinakailangan, lahat ng dokumento ay dapat sunugin agad pagkabasa.

h. Bukod sa mga paraang nabanggit na, ang tunay na mga plano ng isang yunit gerilya ay maaari ding palabuin sa ilang kaso sa pamamagitan ng pagpapakilos sa lokal na populasyon na sadyang magpapakalat ng mga maling impormasyon ukol sa mga operasyon ng yunit gerilya, upang linlangin ang kaaway.

*6. MGA PAG-AAYOS AT PAGHAHANDA PARA SA PAGKILOS.*

Upang maging mabilis ang ating mga pagkilos, bukod sa gawin ang lahat para pasimplehin ang ating organisasyon, dapat nating panatilihin ang mahusay na kahandaan para sa aksyon sa lahat ng panahon (imbestigasyon at pangangalap ng inteligens ukol sa erya ng operasyon, pangangalaga sa mga nagkakasakit na kawal, paghahanda para sa mga giya, pinipiling pakilusin ang mga lokal na magsasakang nakikisimpatya sa mga gerilya, o ibang maaasahang mga tao), at dapat ding maghanda ng tuyong mga rasyon para sa tatlong araw. Kapag nagawa na ito, at kung nais na nating lumakad maaari nang lumakad at kung nais nating huminto, hihinto tayo, at wala nang pangangailangan pa ng mga natatanging pag-aayos.

*7. MGA KUNDISYON PARA SA PAGWAWAGI.*

a. Isang kundisyon para sa pagwawagi ng isang yunit gerilya ay ang absolutong katapangan at kapasyahan ng mga upisyal at kawal. Dapat din nilang taglay ang diwa ng sama-samang pagkilos, at maging lubos na alerto at matatag sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin. Bukod rito, dapat silang mayroong malulusog na katawan at handang pangibabawan ang walang-hanggang mga kahirapan, maging mahusay sa paggamit ng kanilang mga armas, atbp.

b. Hindi dapat manghina ang isang yunit gerilya sa panahon ng mga kahirapan, o tumigil sa kanyang pagkilos kapag nalalagay sa mahirap na sitwasyon. Hinggil naman sa kanilang kumpyansa sa ultimong tagumpay, sa kanilang kumpyansa sa tagumpay ng kanilang mithiin, at laluna ang kanilang pagkamuhi sa pambansang kaaway, ang mga kalagayang ito ay dapat ding magpalakas sa kanilang paninindigang sumulong nang mapangahas sa harap ng lahat ng mga sagabal.

*8. NAGKAKAISANG MGA PAGKILOS.*

Kapag ang isang maliit na yunit gerilya, dahil di sapat ang kanyang bilang, ay hindi makakatupad ng isang tungkuling naiatas sa kanya, maaari itong pansamantalang makipagsanib sa ibang yunit gerilya upang ipatupad ang kanyang tungkulin.

Pinakamahusay na naipapatupad ang mga operasyong gerilya sa gabi.

## KABANATA VII

## MGA SURPRESANG ATAKE

*1. MGA PUNTONG DAPAT MASUSING NAISASAALANG-ALANG KAUGNAY NG ATING MGA TUNGKULIN BAGO ANG ISANG SURPRESANG ATAKE.*

Kapag natapos nang magkonsentra ang yunit gerilya para sa isang atake, at kapag sapat nang nakumpleto ang mga plano para sa mga iskawt, serbisyong kuryer, atbp., at naghahanda na para sa isang surpresang atake sa isang pinaninirahang lugar, ang kumander ng yunit gerilya ay dapat may unang may malinaw na pananaw sa bawat sumusunod na mga punto:

a. Ano ang lakas ng pwersang militar na nagdedepensa sa lugar? Paano sila naka-deploy? Paano sila naaarmasan? Ano ang kakayahan nilang lumaban? Gaano

karami ang iskawt na pinalakad nila para magpaabot ng babala?

b. Mayroon bang ibang kaaway sa malapit? Kung mayroon, gaano siya kalayo? Mabilis ba siyang makapagsaklolo sa nagdedepensang pwersa? Paano kaya siya sasaklolo? Mula saang direksyon siya magmumula?

c. Anong klaseng landas ang dadaanan ng mga gerilya at ng kaaway? Anong lihim na mga landas ang mayroon sa malapit ng lugar na ating surpresang sasalakayin? Anong landas ang ating tatahakin para makarating sa lugar na ating sasalakayin? Ang unang tatlong punto ay hindi lamang ang mga bagay na dapat nating alamin para sa paglulunsad ng isang surpresang atake; hindi rin dapat kaligtaan natin na isaalang-alang ang mga ito sa ating pag-atras matapos ang pagsalakay.

d. Hinggil naman sa pagtatakda ng oras ng surpresang atake, pinakamahusay na isagawa ito sa gabi, dahil sa pagkubli ng dilim, maski mabibigo ang atake, maaari pa rin nitong gitlain ang kaaway. Pero sasalakay lamang tayo sa gabi kapag lubos na kapado natin ang tereyn, at malinaw na alam na natin ang pagkadispusisyon ng kaaway o mayroon tayong mahuhusay na giya. Kung hindi, pipiliin natin, sa halip, na isagawa ang surpresang atake pagbukang-liwayway. Kung ang surpresang atake ay nakatuon sa isang bodega ng suplay, kailangan itong maisagawa sa lalim ng gabi, dahil ang mga tao, mga kabayo at kagamitang militar na nandirito ay lalakad muli pagbukang-liwayway.

e. Tutulong kaya ang populasyon sa kaaway o hindi? Paano natin masagkaan ang populasyon na ipahamak ang sarili dahil nito? Habang masusing pinag-iisipan natin ang ating mga plano, iwasan naman ang labis-labis na kumplikadong mga plano.

*2. MGA PUNTONG DAPAT TANDAAN BAGO LUMAKAD.*

a. Bago lumakad, dapat kumpletuhin ng yunit gerilya ang lahat ng kanyang paghahanda. Dagdag pa, kailangang ikonsidera ang pagdadala ng mga istretser para sa pagdadala ng mga sugatang kawal.

b. Ang paraan para sa surpresang atake sa kaaway ay dapat antimanong lubos na nauunawaan hindi lamang ng kumander ng yunit at ng mga kumander ng bawat grupo, kundi maging ang lahat ng myembro ng bawat independyenteng grupo. Ang pinakamahusay na paraan ng pagpapaabot ng impormasyong ito ay sa pamamagitan ng oral na pagpapaliwanag ng kumander at ng kanyang istap. Dapat ilimita ang paggamit ng lahat ng klase ng nakasulat na mga atas upang

maiwasan ang pagkakabunyag ng kanilang nilalaman dahil sa pagkawala o sa pagkakamali.

c. Bago lumakad, lahat ng mga upisyal sa bawat antas ay dapat magtakda ng kapalit upang, sa isang banda, maihayag ang kanilang kapasyahang isakripisyo ang sarili, at sa kabilang banda, upang maiwasan ang panganib na kapag sila ay nasugatan o namatay, ang aksyon ng yunit gerilya ay maaaring mabigo sa pagkakamit ng layunin dahil sa kanila, kung kaya maiimpluwensyahan ang kahihinatnan ng buong sitwasyon.

*3. MGA PUNTONG BIGYANG-PANSIN HABANG NAGLALAKAD.*

a. Dapat gawin ang lahat para maikubli ang pagkilos ng yunit gerilya at iwasang madiskubre ng kaaway. At habang umaabante, dapat iwasan ang pangunahing mga lansangan at mga malalaking baryo, bagkus piliin ang mga lugar na di gaanong dinadaanan at ang mga lugar na walang mga kalsada, umaabante sa makitid na paliku-likong mga dasdas. Pero dapat iwasan din ang maalambreng mga daan upang hindi masyadong mapagod.

b. Habang umaabante, dapat iwasan ang pagtahak sa iisang daanan nang matagal dahil magiging madali para sa kaaway na matuklasan ang ating mga bakas. Sa layuning panatilihing lihim ang ating pagkilos, akma sa kalahatan na lumakad sa gabi, maski malayo ang ating lalakarin.

c. Kapag tayo'y umaabante, para maikubli ang ating sarili, dapat ilimita ang mga taong pinapalakad para magmanman sa pinakamaliit na bilang. Sa kalahatan, sapat nang magpalakad ng ilang iskawt sa kahabaan ng daan, pero dapat tayong magkaroon ng mahuhusay na giya.

d. Kung hindi tayo absolutong sigurado na walang mga ispiya ng kaaway na patungo sa atin para manmanan tayo, pinakamahusay na hatiin ang ating pwersa sa maliliit na grupo na hiwa-hiwalay na aabante sa iba't ibang direksyon at magkonsentra sa isang lugar na una pang lihim na itinakda.

e. Kapag lumalakad ang yunit gerilya, dapat lagi itong handa na makipagsagupa sa kaaway. Sa dahilang ito, ang kumander ng yunit gerilya ay, sa kalahatan, nauuna, sinasamahan ng kanyang istap, sa likod lamang ng mga iskawt, katabi ang piling mga kawal, o sa unahan ng istap ng yunit (ipinagkakatiwala ang istap sa pamumuno ng pangalawang kumander). Sa gayon, madaling malaman nang malinaw ang sitwasyon at mabilis na makapagdesisyon. Kung makikita

ng kumander na posibleng umabante, aabante siya; kung makikita niyang may kahirapan, siya'y aatras. Ang kailangan lamang ay makapagtalakay ang dalawa o tatlong upisyal, at magbuo ng desisyon. Sa gayon, maiiwasan ang pagpapaabot ng mga utos na pabalik-balik na nagreresulta sa pagpapalampas ng mga oportunidad, at mababawasan pa ang kumand mula sa likuran, at ang kaakibat nitong pagkilos na hindi umaayon sa sirkunstansya.

f. Bukod sa mga iskawt na pinapauna sa kahabaan ng kalsada, ang mga kawal ay di dapat pasulungan ang kanilang mga riple upang maiwasan ang aksidenteng pagpapaputok habang naglalakad at ang pagkatuklas ng kaaway.

*4. MGA HAKBANG NA DAPAT GAWIN KAPAG NASALUBONG ANG KAAWAY HABANG NAGLALAKAD.*

a. Sa anumang sirkunstansya, dapat iwasan ng yunit gerilya na magbunsod ng walang katuturang labanan bago siya makarating sa kanyang layunin. Bagamat maaaring masalubong ang kaaway habang naglalakad, dapat mag-isip ang yunit gerilya ng paraan para iwasan ang kaaway—kung kinakailangan, lumihis mula sa orihinal na plano. Kung wala nang paraan pa para makaiwas ng labanan, dapat tayong lumitaw mula sa ambus matapos ang mabilis na mga paghahanda, upang sunggaban ang kaaway kung saan hindi tayo inaasahan at lipulin siya sa pamamagitan ng surpresang atake. Kasabay nito, habang isinasagawa natin ang maniobra, dapat tingnan natin kung ang kaaway ay hihinto o aabante, at magpadala ng mga iskawt para magmatyag sa lahat ng direksyon. Kung hindi handa ang kaaway na makipagsagupa, o kung, bagamat mas malakas siya pero hindi naman siya alerto, dapat sugurin siya agad. Kung hindi, manatili tayong nakatago at maghintay ng oportunidad.

b. Kung habang sa paglalakad nakatagpo tayo ng outpost o mga iskawt ng kaaway, dapat iwasang makita nila tayo at paikot na lampasan sila sa istriktong katahimikan. Pero kung nailagay tayo sa isang sitwasyong sa tingin natin ay may oportunidad na masunggaban, dapat mabilis tayong kumilos at dakmain sila nang walang putok.

*5. DISPUSISYON NG MGA TROPA SA PANAHON NG SURPRESANG ATAKE.*

Kapag naglulunsad ang yunit gerilya ng surpresang atake, ang dispusisyon ng kanyang mga tropa ay humigit-kumulang ayon sa sumusunod:

a. Dapat ituon ang isang mabagsik na atake ng ating pangunahing pwersa sa bahagi

ng dispusisyon ng kaaway kung saan siya matatamaan ng pinakamatindi—isang tunay na mabilis at mapagpasyang biglaang dagok. Dapat ding magpakilos ng ibang pwersa na magsagawa ng masiglang bira sa tagiliran ng kaaway at sa kanyang hulihan, upang lituin ang kanyang pagpapasya at hadlangan siyang mataya kung saan nakapwesto ang ating pangunahing pwersa.

b. Dapat ituon ang pinakamalakas na bira sa isang bahagi ng dispusisyon ng kaaway, pero dapat ding magsagawa ng nakakalansing mga pagpupusisyon sa ibang mga pwesto at magsagawa ng hungkag na pagpapakita ng laban sa pamamagitan ng ilang nakakalat na kawal upang lituhin ang kaaway at pagwatak-watakin ang kanyang pwersa.

c. Kung maaari nating malaman sa simula pa ang linya ng pag-atras ng kaaway, dapat, sa hangganan ng posibleng magawa, magpadala ng isang bahagi ng ating pwersa upang harangan siya. Kung nakapwesto ang mabigat na kanyon at suplay lohistika ng kaaway sa labas ng baryo, dapat tayong magtakda ng isang espesyal na maliit na grupo na lulupig sa kanila.

d. Kung mas malaki ang bilang ng yunit gerilya, hati-hatiin ito sa ilang kolums at maglunsad ng atake mula sa dalawa, tatlo o ilang direksyon, upang harangan ang pag-atras ng kaaway. Kailangan nating masusing ikonsidera ito upang maiwasan ang kalituhan sa ating hanay na maaaring maipagkamali ang ating sariling tropa bilang kaaway. Dahil sa posibilidad na ito, kailangang, bago pa man ang aksyon, magkasundo sa mga senyales.

e. Sa isang surpresang atake sa kaaway, kung may dahilan na maaaring dumating ang reinporsment ng kaaway mula sa isang direksyon, dapat magpadala tayo ng maliit na grupo bago pa man magsimula ang aksyon sa rutang maaaring daanan ng kaaway, upang hadlangan ang kanilang pag-abante, o iulat ang panganib na ito sa pangunahing pwersa.

f. Sa panahon ng surpresang atake, ang pagpili sa bahaging kokonsentrahan ng atake, at ang pagkabaha-bahagi ng ating pwersa ayon sa kalupaan (sa kalahatan, 2/3 ng ating pwersa ay itutuon sa prinsipal na direksyon ng atake, at 1/3 para sa segundaryong direksyon) ay absolutong dapat sa paraang mahadlangan ang mga pwersa ng kaaway na makapaglatag (from spreading out) o makatanggap ng reinporsment, upang gawing posible para sa atin na durugin siya nang paisa-isa.

g. Ang iba't ibang grupong bumubuo sa isang yunit gerilya ay dapat hati-hatiin ang kanilang mga pwersa kapag malapit na lamang sa lugar na sasalakayin, at mula dito gumawa ng hiwa-hiwalay pero koordinadong pag-abante. Ang pinakamahusay na lugar para dito ay kung saan magmumula ang pagsugod. Sa ganitong paraan, maiiwasan ang kamalasang maligaw pa tayo o ang wala sa oras na paghahati ng ating mga pwersa, gayundin mapaghandaan ang panganib ng surpresang mga atake ng kaaway. Dahil kung mas malayo ang iba't ibang kolum o grupo, mas malaki ang posibilidad na magkahiwa-hiwalay sila dulot ng tereyn at mas mahirap asahang silang lahat na sabay-sabay bumira.

*6. ANG TAGUMPAY NG ISANG SURPRESANG ATAKE.*

Sa kalahatan, susugurin natin ang kaaway kapag di siya nakahanda, sa mga sirkunstansyang nahintakutan at natataranta siya. Kung nais nating bumira kung kailan di tayo inaasahan ng kaaway, dapat bigyang-pansin ang mga sumusunod na punto:

a. Dapat tayong kumilos nang mabilis at palihim at huwag pihintulutang sumingaw ang ating mga plano nang wala sa panahon.

b. Dapat tayong bumira sa panahong hindi napakaalerto ang sistema ng babala ng kaaway.

c. Dapat tayong gumawa ng hungkag na paglalantad (ng pwersa), at kaagad na umatake sa iba't ibang lugar, upang malito ang kaaway, mahintakutan ang kanyang pwersa at magsasagabalan sa isa't isa, at hindi niya maaaring gamitin ang lahat ng kanyang lakas para labanan tayo nang matigas ang ulo.

d. Sa paglulunsad ng surpresang atake, tayo ay sasalakay batay sa itinakdang oras; (bago nito) dapat walang ingay, walang magpapaputok; walang paghihiyaw. Dapat nating tiyakin na ang bawat kawal ay nakakaunawa sa gamit ng mga armas para sa surpresang atake, ang bayuneta at granada. Di tayo dapat basta-basta sumagot ng putok dahil nakarinig lang tayo ng putok ng kaaway. Saka lamang kapag nariyan na ang oportunidad na masasamantala ang sitwasyon na ikasa ang ating pagsugod sa kaaway, at sa pamamagitan ng ating mga pwersang pambungad na sinusuportahan ng ating pwersa sa likod, pinipili ang mga pangharapan, pangtagiliran, o direktang mga dagok.

7. *ANG DISPUSISYON MATAPOS ANG ISANG MATAGUMPAY NA SURPRESANG ATAKE.*

a. Matapos maipatupad ang surpresang atake, dapat mabilis na makaatras ang yunit gerilya. Bago umatras, pinakamahusay na lumayo muna ng ilang li sa di totoong direksyon, at pagkatapos ay bumaling na sa tunay na direksyon, sa gayon hindi matutuklasan ng kaaway ang ating mga bakas, at di niya tayo masusundan pa.

b. Hindi angkop para sa isang yunit gerilya na magdala ng mga bihag, o ng masyadong maraming nasamsam dahil magiging sagabal ito sa ating pagkilos. Pinakamahusay na utusan ang mga bihag na ipasakamay sa atin ang kanilang mga armas, at pagkatapos ay pagwatak-watakin sila, o kaya patayin. Hinggil sa mga nasamsam, dapat ipamahala ang mga ito sa lokal na gubyerno o sa populasyon.

c. Sa panahon ng labanan, dapat itakda sa tatlong upisyal at tauhan mula sa bawat kumpanya ang natatanging tungkuling pulutin at tipunin ang naiwanang mga riple at bala. Pagkatapos ng isang matagumpay na labanan, gawin natin ang lahat na tipunin ang lahat na bagay sa erya ng labanan, at maaari ding tawagin ang populasyon sa mga kalapit na erya na tipunin ang mga bagay na ito upang walang maiiwan maski ang pinakamaliit.

8. *MGA DISPUSISYON MATAPOS ANG ISANG BIGONG SURPRESANG ATAKE.*

Kung nabigo ang surpresa, dapat tayong makaatras agad sa lugar na unang itinakdang pag-ipunan. Karaniwan ang lugar na ito ay ang ating pinagkampuhan sa huling gabi. Kung sapat ang ating pwersa, maaari tayong mag-iwan ng isang reserbang yunit sa itinakdang ruta ng atrasan, upang maghanap ng mga nabihag at sugatang kawal.

## KABANATA VIII
## GAWAING PANIKTIK

1. *MGA PUNTONG DAPAT TANDAAN KAPAG NAGPAPATUPAD NG PANIKTIK.*

a. Lahat ng ulat ukol sa sitwasyon ay dapat maipaabot agad sa mga superyor o sa mapagkaibigang mga hukbo.

b. Ang ating tinipong mga ulat ay dapat absolutong lubos na detalyado. Lahat ng

padalus-dalos at mapabayang pag-uulat ay dapat mahigpit na ipagbawal.

c. Ang saklaw ng paniktik ay hindi lamang nakapatungkol sa sitwasyon ng kaaway; ang ating mga paniktik ay dapat mabigay atensyon din sa tereyn. Dapat tayong mapapaalaman ng lahat ng aspeto tungkol sa tereyn na disbentahe sa atin, laluna ang mga aspetong pabor sa kaaway, tulad ng mga makikitid na daan, mga tawiran ng ilog, mga paikut-ikot na ruta para maiwasan ang mga tawirang ito at mga makikitid na daan, atbp.

d. Dapat gawin natin ang lahat para makakalap ng kumpleto at detalyadong impormasyon ukol sa lahat ng bagay na may kinalaman sa ating yunit gerilya; dapat hindi titigil ang ating mga pagsisikap hanggang sa lubos na maunawaan natin ang sitwasyon.

e. Dapat tayong magbigay-pansin sa sentimiyento ng mamamayan sa atin at sa kaaway. Aktibo bang tumutulong sa atin ang mamamayan? Paano nila naipapakita ang positibong aktitud?

*2. MGA PAMAMARAAN NG PANIKTIK.*

Bukod sa pagpapalakad ng matatapang at matatalinong indibidwal (mga paniktik) upang magsagawa ng paniniktik, ang yunit gerilya ay dapat mahigpit na makipag-isa sa masa kung saan siya naroroon. Dagdag pa, pakikilusin natin ang maaasahang mga taga-lokalidad at mula sa hanay ng mamamayan na nakikipagsimpatya sa yunit gerilya (halimbawa, maaari nating gamitin ang pyudal na kagawian at humanap ng kamag-anak, o isa mula pamilyang may isang kaanak na pinatay ng kaaway; maaari ding pakilusin ang mga taong galit sa kaaway, atbp.). Binibigyan natin ang mga taong ito ng relatibong mahusay na sweldo, magtayo ng lihim na lambat paniktik, gayundin ng isang sistema ng tanod, upang madaling ipasa ang mga impormasyon.

*3. PANINIKTIK UKOL SA BILANG NG TROPA NG KAAWAY, SA KANYANG TAKTIKAL NA KASANAYAN, AT SA KANYANG ARMAS.*

a. Saan matatagpuan ang maraming inpantri, kabalri, humahawak ng kanyon, at ibang mga yunit ng kaaway? Gaano karaming armored cars at tren, tangke at eroplano mayroon ang kaaway? Saan ang mga ito?

b. Anong klaseng depensa mayroon ang kaaway sa kanyang harapan, sa kanyang likuran, at sa paligid ng mga syudad at iba pang mga lugar? Anong klaseng mga

pwersa ang nagdedepensa?

c. Saan ang mga kampo at arsenal ng kaaway?

d. Saan naman ang mga reserba at mga tropang pangmaniobra (flanking troops) ng kaaway?

e. Ano ang kalagayan ng moral ng mga kawal ng kaaway? Handa ba silang lumaban o hindi? Paano sila nakikitungo sa mamamayan at sa kanilang sariling mga upisyal?

f. Ano ang kalagayan ng mga suplay ng hukbo ng kaaway sa mga kagamitang militar, mga gamit pantulog at damit, pagkain at iba pang bagay?

*4. PANIKTIK HINGGIL SA TEREYN.*

a. Una sa lahat, dapat nating pagtuunan ng atensyon ang mga importanteng lansangan sa saklaw ng eryang ito, gayundin ng kanilang direksyon, lapad, tipo ng ibabaw, kung ang mga ito ay maputik o hindi, atbp., at kung akma ang mga ito para sa gamit ng lahat ng pwersa.

b. Mayroon bang kagubatan o wala? Kung mayroon, dapat nating tuunan ng atensyon kung anong klase ang mga puno, at ang lawak ng mga ito.

c. Dapat nating ikonsidera ang mga ilog, ang kanilang lawak at lalim, kung matarik o hindi ang pampang, at klase ng lupa. Mayroon bang mga tulay, ferries at iba pang paraan ng pagtawid ng ilog? Kung may mga tulay, kaya bang dumaan rito ang kanyon (artilyari), tren ng suplay, at iba pang tipo ng yunit?

d. Mayroon bang mga latian? Saan? Ano ang kanilang lawak? Matatawid ba ang mga ito o hindi? Kung matatawid, kailangang alamin kung anong mga klase ng tropa ang pwedeng tumawid.

## KABANATA IX
## MGA AMBUS

*1. MGA TIPO NG AMBUS.*

Kung bigla tayong lilitaw mula pagtatago, at biglaang dagukan ang kaaway na dumaraan, ito ang tinatawag na ambus. Ang tanging kinagawiang taktika ng

yunit gerilya ay ang ambus. Sa pamamagitan ng ambus, napakadaling makakamit ng mahusay na resulta, at bilang pangkalahatang kalakaran, lagi itong bentahe. Nahahati ang ganitong aksyon sa mga tipong sumusunod:

a. Ang ambus ay pag-akit sa kaaway. Ito'y nagaganap kapag ang ating mga tropa, nakadapa at nakabuka ang dalawang kamay na wari'y inaakit ang kaaway na pumasok nang malalim. Naisasagawa ito sa pamamagitan ng unang pagpupwesto ng ating pangunahing pwersa sa dalawang gilid ng kalsada, o nakatago sa isang gilid, at pagkatapos ay bibirahin ng maliit na pwersa ang kaaway. Pagkatapos, kunwaring palitawin ng pwersang ito na nagapi na siya at aatras nang inaakit ang kaaway na pumasok sa kailaliman ng ating mga linya, kasunod ay mabilis na susulpot ang ating pangunahing mula sa isa o dalawang panig at ipatupad ang surpresang atake.

b. Naghihintay na mga ambus. Halos kapareho nito ang unang tipo, pero hindi kailangan pang isang bahagi ng ating pwersa ay magkunwaring nagapi. Sa halip, tayo ay nagpupwesto ng posteng tagamanman sa isang mataas na bahagi para obserbahan ang kilos ng kaaway, at kapag nakatapat na ang kanyang pangunahing pwersa sa isang angkop na lugar ay saka tayo biglang lilitaw at surpresang birahin siya.

*2. MGA PWESTONG PAGLULUNSARAN NG MGA AMBUS AT ANG MGA TARGET.*

Maaaring ilunsad ang mga ambus sa iba't ibang target tulad ng nakahiwalay na mga kawal, mga kuryer, mga yunit na nakasakay, mga konboy ng lohistika, mga kolum ng transport, mga tren, atbp. Nasa ibaba ang mga detalye:

a. Kapag kabalri o inpantri ng kaaway ang inaambus, dapat tayong pumili ng pwestong di nila maaaring gamitin ang kanilang mga armas at kung saan hindi madali para sa kanila na pakinabangan ang kanilang buong lakas.

b. Ang mga ambus sa mga konboy lohistika o mga kolum ng transport ay dapat maisagawa sa loob ng gubat o sa kanayunan.

c. Ang mga ambus sa maliliit na yunit ng kaaway, o buong mga yunit, makilos o motorisadong mga kolum ng transport ang pinakamahalaga. Pero dapat nating unang matanto ang kanilang mga plano, ang direksyong pinapatunguhan nila, at ang oras kung kailan sila daraan. Dapat din nating masusing pag-isipan ang lugar para sa ambus at maingat na piliin ang pwestong pinakaposibleng makapagdudulot na paborableng resulta. Kaalinsabay nito, dapat din nating

maingat na piliin sa una pa lamang ang ruta para sa ating pag-atras.

d. Kung tren ang target na ambusin ng yunit gerilya, maaaring hatiin ang ating pwersa sa tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay dapat pumusisyon sa malapit ng riles, upang bantayan ang paglaban mula sa tren. Ang ikalawang bahagi ay dapat pumusisyon sa dalawang tagiliran ng tren at birahin ang mga bagon. Tungkulin naman ng ikatlong bahagi na sumugod at sumakay sa tren upang maghalughog, magbaba ng mga karga, magkumpiska ng mga armas, atbp.

*3. ANG TEREYN SA MGA AMBUS.*

Dapat taglay ng lugar na paglulunsaran ng ambus ang mga sumusunod na katangian:

a. Dapat itong mayroong mahusay na pagkukublihan upang maiwasang maobserbahan ng kaaway at, kasabay nito, pinapahintulutan tayong obserbahan siya.

b. Dapat pahintulutan nitong gamitin ang ating maksimum na lakas pumutok.

c. Dapat pahintulutan nitong mabilis na makalundag tayo mula sa ambus at masunggaban ang kaaway. Kaya sa pagitan ng ating pinagkukublihan sa ambus at ng kaaway ay dapat masukal, may mababang bahagi na medyo basa, makitid na daan, o iba bang namamagitan.

*4. ANG DISTANSYANG MULA KUNG SAAN ILULUNSAD ANG AMBUS.*

Kung sapat ang lakas ng yunit gerilya na maglulunsad ng surpresang atake upang sa gayon mabilis na magapi ang kaaway sa isang sunggab, dapat nitong isagawa ang ambus nang malapit sa gilid ng kalsada. Pero kung sa kabilang panig ay medyo malakas ang kaaway at ang ating plano ay para lamang iharas at lituhin siya, dapat tayong pumuwesto sa medyo malayo mula sa kalsada.

*5. MAHAHALAGANG PAALALA SA PAG-AMBUS.*

a. Pinakabentaheng isagawa ang ambus nang tahimik. Sa araw man o gabi, ang maingay na pagsasalita ay absolutong ipagbabawal, gayundin ang pagala-gala sa harapan.

b. Ang matagal na pananatili sa ambus ay maaaring madaling humantong sa pagkakatuklas ng ating plano at sa pagdaragdag ng panganib. Dahil sa matagal

na pananatili sa pag-ambus, ang pagiging alerto ng ating mga tauhan ay unti-unting luluwag at magiging mahirap na mantinihin ang pagiging listo. Kaya, magiging madali na matuklasan ng kaaway. Ang bagay na kailangang-kailangang tandaan ay, kapag natuklasan na ng kaaway, dapat kaagad na ikasa ang ating atake o umatras.

## KABANATA X
## MGA SURPRESANG ATAKE SA MGA YUNIT NG KAAWAY NA NANGANGALAP NG PAGKAIN

### *1. MGA PAGKAKATAON PARA SA SURPRESANG MGA ATAKE.*

Ang pagsugod sa mga yunit ng kaaway na nangangalap ng pagkain ay dapat isagawa sa ilalim ng sumusunod na mga sirkunstansya:

a. Maaari itong isagawa habang papalapit ang yunit ng kaaway sa baryo.

b. Maaari tayong maghintay hanggang sa makapasok ang kaaway sa baryo at kumalat na iba't ibang direksyon para magbahay-bahay na maghalughog, saka tayo bibira.

c. Maaari tayong maghintay hanggang matapos maghalughog ang kaaway at papabalik nang dala ang mga kinurakot, saka nating surpresahin ng ambus.

d. Kung aling sa nabanggit na mga tipo ng pagbira ang pinaka-angkop ay itatakda ng sirkunstansya ng mga taong responsable sa yunit gerilya. Dapat nilang masusing suriin ang lahat ng salik at gumawa ng mga hakbang ayon sa sirkunstansya.

### *2. SURPRESANG MGA ATAKE SA ISANG BARYO.*

Pinakabentaheng salakayin ang mga yunit ng kaaway na nangangalap ng pagkain sa isang baryo. Sa pagkakataong ito, ang kalakhan bahagi ng kaaway ay nakakalat at di madaling mabilis na makapagtipon. Pero sa pagsasagawa ng ganitong tipo ng surpresang atake, dapat lusutan ang mga posteng nagmamanman ng kaaway o dakmain ang kanyang mga naggugwardya nang walang ni katiting na ingay; saka lamang maaari nating isagawa ang pag-atake.

### *3. SURPRESANG ATAKE SA LABAS NG BARYO.*

Kung ang pwersang magsasagawa ng surpresang atake ay medyo mahina, dapat itong maghintay hanggang sa makumpleto ang pangangalap at hanggang sa makarating ang kolum na nangangalap ng mga pagkain sa isang lugar na paborable

para sa surpresang atake — tulad ng kapag dumaraan ito sa gubat, sa isang tulay, o isang makitid na kalsada bago umatake.

*4. ANG MGA LAYUNIN NG SURPRESANG ATAKE.*

Matapos salakayin at mawatak-watak ng isang yunit gerilya ang yunit ng kaaway na pumapayong sa isang operasyon ng pangangalap ng pagkain, maaari niyang ituring na bahagi pa lamang ng kanyang atake ang nakukumpleto. Dapat din nitong wasakin o kumpiskahin ang lahat ng kanilang bagon. Kaya, dapat unang harapin muna ng yunit gerilya ang pumapayong na yunit ng kaaway at saka salakayin ang konboy lohistika sa pamamagitan ng kanyang pangunahing pwersa at samsamin ang mga ito.

*5. MGA PUNTONG DAPAT TANDAAN NG YUNIT GERILYA.*

Madaling kamtin ang tulong ng lokal na populasyon kapag sinasalakay ang isa sa mga yunit pangangalap ng kaaway. Kaya sa hangganan ng kung ano ang posible, bahagi ng mga ari-ariang nakumpiska ay dapat maibigay sa masa upang maiangat ang kanilang kapasyahan.

## KABANATA XI
## MGA SURPRESANG ATAKE SA MGA YUNIT TRANSPORT NG KAAWAY

Ang pagsalakay sa isang kolum ng transport ng kaaway ay isa sa pinakamabentaheng anyo ang aksyon para sa isang yunit gerilya dahil, sa pamamagitan nito, makakasamsam tayo ng mga armas, pagkain at iba pang mga suplay na kailangan natin.

*1. BIGLAANG MGA SURPRESANG ATAKE.*

Sa pamamagitan ng ganitong mga atake, mahihintakutan natin ang kaaway nang husto at mailalagay siya sa kalagayang litung-lito. Kalakhan ng mga pahinante ng mga yunit transport, ay mga kiming magsasakang pinilit. Dagdag pa, napakalimitado ang pwersang panggwardya at nakakalat sa malalayong distansya. Kapag itinaob natin ang isang bagon, mapapahinto natin ang lahat ng bagon sa hulihan.

*2. MGA PARAAN NG PAG-ATAKE.*

a. Hindi dapat kalimutan ng yunit gerilya na ang kanyang layunin dito ay hindi ang paggapi sa kaaway kundi ang pagsamsam ng kanyang mga bagon. Kaya, dapat atasan ang isang bahagi ng ating pwersa na makipagsagupa sa pumapayong ng yunit ng kaaway. Ang iba nating mga tauhan ay dapat atasang hanapin, samsamin, at sirain ang mga materyal na kanyang hinahakot. Kaya, kapag naglulunsad tayo ng ganitong surpresang atake, gawin natin ang lahat na mabilis putukan ang yunit transport at pahintuin sila, upang sa gayon, ibayong malito at mahintakutan siya.

b. Upang mapatigil ang buong kolum ng transport, kailangan lamang na putukan ang nasa unahan nito, dahil, sa kundisyon ng matinding pagkabigla at pagkatakot, kapag huminto ang mga bagon sa harapan, magbubungguhan sila, mahulog sa tabi ng kalsada, at maglilikha ng matinding kalituhan. Kapag marami ang bagong panghakot, at dahil nabibira ang nasa unahang kolum, magtatangka ang mga bagon sa hulihan na bumwelta para tumakas, kaya dapat magpadala ang yunit gerilya ng ilang tauhan na mabangis na putukan mula sa kublihan ang dulong hulihan ng kolum, upang sa gayon mapigil ang kanyang pagbwelta.

c. Kung ang yunit na nagsasagawa ng surpresang atake ay nasa imperyor na pusisyon, at ang tagapayong na yunit ay may aktibong mga pag-iingat na ginawa, dapat pagurin ng yunit gerilya ang kaaway sa pamamagitan ng walang-tigil na pekeng mga alarma, at pagkatapos, kapag ang yunit transport ay dumadaan sa gubat o sa lambak, o sa makitid na kalsada, kung saan ang konboy lohistika ng kaaway ay hindi madaling makabwelta, dapat mabilis na ikasa ang atake.

   Malimit na hindi bentahe na maglunsad ng isang surpresang atake sa isang tren na panghakot sa isang baryo, dahil madaling magamit ng tagapayong na yunit at ng konboy pang-lohistika ang mga bahayan at iba pa na pagkukublihan, at, sa gayon, makakalaban.

d. Kung nawatak-watak na ang tagapayong na yunit ng kaaway sa pamamagitan ng ating atake, at nagapi na rin ang paglaban ng yunit transport, at hindi makakarating sa oras ang reinporsment ng kaaway, maaaring wasakin ng yunit gerilya ang mga bagon at ang mga karga nila at lubos na sirain ang anumang bagay na di kayang dalhin ng mga gerilya o kaya walang gamit.

KABANATA XII

# ANG LAMBAT SA PAGSUSULATAN NG ISANG YUNIT GERILYA AT ANG PAGWASAK SA MGA PASILIDAD PANG-KOMUNIKASYON SA LIKURAN

*1. ANG LAYUNIN NG LAMBAT.*

Upang magkatawagan sa isa't isa para sa pagtutulungan at makatanggap ng impormasyon ukol sa sitwasyon ng kaaway sa lahat ng panahon, dapat gawin lahat ng mga yunit gerilya na magmantini ng pinakamahigpit at pinakamatatag na pakikipag-ugnayan sa lokal na populasyon para sa pagpapalitan ng sulat.

*2. MGA PARAAN NG PAGMAMANTINI NG UGNAYAN.*

Upang maitayo ang gayung lambat sa pagsusulatan, dagdag sa paggamit ng telepono kung kailan posible, dapat natin gamitin ang lahat na paraan na pupwede. Kabilang dito ang pasa-bilis, mga mensaherong nakakabayo, mga mensaherong nakabisikleta, mga lihim na kuryer na unang itinalaga para sa pagpapasa ng impormasyon, gayundin ng pagpapasa sa pamamagitan ng mga tanod, at maging ang paggamit ng mga hudyat at unang naitakdang mga senyas, atbp.

*3. MGA PARAAN NG PAGPAPASA NG MGA ULAT.*

a. Ang lambat para sa mahahalagang pagsusulatan ay dapat itayo. Pinakamainam na maipasa ang napakahalagang mga ulat sa pamamagitan ng mga mensaherong nakakabayo. Kapag imposible ito, dapat magpakilos ng mga maaasahang indibidwal na mabilis lumakad. Posible rin isaayos sa una pa lang ang pagpapasa ng mga lihim na sulat. Mayroon ding mga pagkakataong kailangan tayong magpalakad ng ilang tao, bawat isa ay tumatahak ng iba't ibang ruta, upang matiyak na ang gayung ulat ay makarating sa pupuntahan. (Dapat ilimita ang paraang ito para sa pinakamahalagang mga ulat.)

b. Ang pangkaraniwang mga ulat na hindi naman gaanong importante ay naipapasa sa pamamagitan ng mga pasa-bilis o mensaherong nakabisikleta. May mga pagkakataon din na maaaring magpakilos ng matatapat na indibidwal mula sa lokal na populasyon na lubos na pamilyar sa mga rutang dadaanan ng mga ulat.

*4. MGA SINYALES PARA SA MGA KOMUNIKASYON.*

Para sa kaginhawaan sa paggigiya ng bawat grupo o yunit gerilya sa araw o sa gabi, sa kanyang paglakad sa mabundok na tereyn o sa kagubatan, dapat magtakda ang kumander ng yunit gerilya sa una pa lang ng ilang batayang sinyales at palatandaan (tulad ng apoy sa gabi, usok sa araw, mga de-kulay na banderitas, pagsinyal sa pamamagitan ng mga bandila, papel na sinyales, pito, trumpeta, atbp.).

*5. HINGGIL SA MGA RUTA NG KOMUNIKASYON SA LIKURAN.*

Sisirain ba o hindi ang mga ruta ng komunikasyon sa likuran ng kaaway? Dapat nating masusing pag-isipan ang naturang usapin. Kung sa tingin natin, sa hinaharap, hindi na gagamitin ng ating hukbo ang mga daanang ito, o hindi na magagamit, maaari nating wasakin.

*6. MGA PUNTONG DAPAT TANDAAN SA PAGWASAK NG MGA RUTA NG KOMUNIKASYON.*

Kung nais nating wasakin ang mga ruta ng komunikasyon, dapat tayong maging lubos na pamilyar sa tereyn. Sa pamamagitan lamang nito na kumikilos nang mabilis at lihim, makasisipot tayo nang biglaan at mabilis ding makakaatras. Sa pag-aalis ng mga tanod ng kaaway, hindi tayo dapat magpaputok upang hindi sila maalerto at mabigyan ng pagkakataong tumakbo.

*7. MGA PAG-IINGAT SA PAGSISIMULA NG PAGWASAK NG MGA RUTA NG KOMUNIKASYON.*

Kapag nakakasa na sa pagwasak ng mga ruta ng komunikasyon, dapat tayong unang magpalakad ng detatsment sa lugar kung saan naiulat na may kaaway upang manmanan ang mga patrol ng kaaway at ang kanyang maliliit na detatsment, nang sa gayon hindi sila mabilis at lihim na makalapit sa kinaroroon ng ating nagtatrabahong yunit. Kung natuklasan tayo ng kaaway habang sinisimulan pa lamang natin ang trabaho, dapat nating putukan siya para hindi na siya makakalapit pa.

*8. MGA PARAAN NG PAGSIRA NG MGA ISTRUKTURA SA LUPA.*

a. Ang mga riles ay dapat wasakin sa mga lugar kung saan pinakamahirap na kumpunihin, tulad ng sa mga kurbada, sa mga lugar na ang riles ay tago sa pagtanaw, kung saang maluwag ang pag-iingat ng kaaway, kung saan

makakapagtrabaho tayo nang nakukublihan, o kung saan maaari tayong magwasak ng mahabang parte ng riles. Sa pagwasak ng mga riles, dapat nating baluktutin ang mga ito, o hukayin ang ilalim. Sa mamamabang mga lugar, dapat tayong humukay ng mga kanal. Tungkol naman sa mga tunel, dapat nating barahan ang mga ito.

b. Ang mga kahoy na nakalatagan ng mga riles, ang yaring-kahoy na mga tulay, mga poste ng telegrama at telepono, atbp., ay dapat sunugin.

c. Ang mga sinyal, swits, mga bandilang ginagamit sa pagsinyal, mga bagon ng tren, atbp., na nasa istasyon ay dapat mawasak, pinakamainam na mapasabog ang mga ito sa pamamagitan ng mga eksplosibo.

d. Sa pagwasak ng batuhang mga kalsada, lansangan, tulay, at iba pang istruktura, dapat gamitin natin sa lahat ng kaso ang paraan ng pagwasak na angkop sa katangian ng konstruksyon.

## KABANATA XIII
## ANG MGA REGULAR NA TAGUAN AT MGA PAG-IINGAT NA DAPAT GAWIN KAPAG NAKAHINTO

*1. PAGRERENDA SA ATING MGA TROPA.*

Ang usapin ay hindi lamang ukol sa pagpapahinga at pagrerenda ng ating mga tropa. Kailangan natin ang isang lugar na magagamit para makapagtipid sa bala at pagkain, at para sa pagtanggap at pangangalaga sa mga sugatan at maysakit na kawal. Kaya, ang naturang lugar ay karaniwang magsisilbi rin bilang pwestong pansuporta sa panahon ng labanan. Kapag tayo na ang hinahabol at tinutugis ng kaaway, doon tayo aatras at lihim na magtago, upang makapaghintay ng oportunidad na kumilos o simulang labanan ang kaaway muli.

*2. ANG PAGPILI NG PWESTO.*

a. Ang lugar na pagtataguan kung saan makakapahinga tayo nang matagal ay natural na matatagpuan sa kailaliman ng gubat, sa isang kubong malapit sa latian, sa isang kweba sa ilalim ng lupa o sa gilid ng bundok, sa isang nakatiwangwang na bukid, o sa isang maliit at nakatagong sityo. Dahil sa simpatyang kanyang natatamasa, ang isang maliit na yunit gerilya ay madaling makakita ng isang regular na pagtataguan.

b. Dapat absolutong mantinihin ng isang yunit gerilya ang pinaka-istriktong paglilihim ukol sa mga taguang kanyang napili. Maski ang mga malalapit na kaibigan at kamag-anak ay hindi pinapa-alaman kung wala naman silang kuneksyon sa yunit gerilya. Kung ang ating orihinal na taguan ay natuklasan ng kaaway, sa gayon, sa kalahatan, hindi dapat hintayin ang kaaway na pumunta at salakayin tayo, kundi mabilis na lumipat tayo sa ibang lugar.

c. Kung minsan ang gayung mga taguan ay nagsisilbi ring imbakan para sa mga kagamitan militar, mga pasabog, pagkain, at para sa pagtanggap ng nasugatan at maysakit na mga kawal. Kadalasa'y isang hiwalay na sekretong lokasyon sa di kalayuan ng taguan ay pinipili para sa bawat tipo ng imbakan dahil may mga taong labas-masok sa taguan at maaari itong madaling madiskubre ng kaaway.

d. Habang mas marami sa hanay ng mamamayan ang sumusuporta sa mga gerilya, nang sa gayon maaari ring makapagmantini ng lambat ng komunikasyon sa hanay ng mamamayan, magiging mas madali para sa yunit gerilya na makapaghanap ng isang taguan. May mga panahon na upang maiwasan ang paghahabol at pagsalakay ng kaaway, at upang makahanap ng isang mahusay na pwestong pagtataguan, ang isang yunit gerilya ay dapat maghati-hati, at ang bawat myembro ay mau-obligang maghanap ng paraang itago ang kanyang sarili sa isa sa mga bahay ng lokal na populasyon. Sa gayung mga sirkunstansya, ang lokal na populasyon ang tanging pag-asang makaligtas ang mga myembro ng yunit gerilya.

*3. ANG USAPIN NG PAGKAIN.*

Sa mga lugar na hindi mapagkaibigan ang lokal na populasyon sa mga gerilya, walang ibang mapagpipilian kundi ang pwersahang pangangalap ng pagkain, gayunman dapat magpalakad ng mga maaasahang tao mula sa detatsment para maiwasan ang pandarambong.

Kapag hindi kinatatakutan ng yunit gerilya na matuklasan, maaari itong magpalakad ng isang espesyal na maliit na grupo upang mangalap ng pagkain, kumulekta ng mga kontribusyong pagkain o manghingi ng suplay ng pagkain mula sa mga lokal na awtoridad.

*4. PAGPALIT-PALIT NG TINITIGILANG LUGAR.*

Ang pinakamahusay na paraan para matiyak ang sariling seguridad ng isang yunit gerilya ay nasa kanyang listong pagkilos. Kung kinakailangan, gawing kalakaran ng yunit ang pagpapalit-palit ng tinitigilang lugar bawat gabi (kung sa

araw, naroroon siya sa isang baryo, pagkagat ng dilim lilipat siya sa ibang baryo).

*5. PAGBABASE SA ISANG TINITIGILANG LUGAR.*

Kapag nagbase ang isang yunit gerilya, ang pagkaka-ayos ng kanyang pwersa ay dapat nakabatay sa katangian ng kanyang gawain, pero hindi siya dapat magbase sa isang malaking baryo na ang kanyang pwersa ay hindi sapat para ikontrol. Kung wala nang ibang magagawa pa ng yunit gerilya, at naobligang tumigil sa ganitong lugar, dapat siyang bumase lang sa kulumpon ng mga bahay na nakahiwalay at mainam para sa pagdedepensa.

Ang pinakamahusay ay lumugar sa isang baryo kung saan matatanaw ang lahat ng direksyon, lalung-laluna ang kalsadang maaaring pagbungaran ng kaaway. Absolutong hindi dapat nakakalat ang mga myembro ng yunit sa iba't ibang bahay batay lamang sa paghahangad ng indibidwal na kaginhawaan dahil masasamantala ito ng kaaway. Upang mapigilang malaman ng kaaway kung saan tayo bumase, ang pinakamahusay na paraan ay pumasok sa baryo kapag malalim na ang gabi. Dagdag pa, dapat nating tingnan nang mahusay ang lahat ng panig ng baryo at hindi pahihintulutan ang sinuman na lumabas.

*6. ANG ANTAS NG MGA PAG-IINGAT.*

Upang maiwasan labis na pagkapagod ng mga myembro ng yunit gerilya, at tiyaking panatag silang makapagpahinga, hindi kailangang magpakilos ng malaking bilang ng mga iskawt para magmanman. Sapat nang magtakda ng mga poste at nakatagong mga iskawt sa lahat ng dugtungan ng lugar at sa tabi ng lahat ng kalsada (yung papasukan ng kaaway, o ang mga nakakunekta sa atin). Dapat din tayong magpalakad ng mga paniktik sa layong 2 hanggang 4 li. Sapat na ang distansyang ito.

Sasalakay man o hindi ang kaaway, dapat tayong magtakda ng lugar na pagtitipunan sa distansyang 10 hanggang 16 li, para gamitin sakaling aatras. Dagdag pa, ang mga daan tungo sa lugar ng pagtitipunan ay dapat maitakda at mamarkahan sa una pa lamang (sa pinakamenos, dapat may dalawang daan na magagamit tungo sa gayung lugar).

*7. MGA PAGHAHANDA.*

Kung nakatigil ang isang yunit gerilya sa isang lugar, lahat ng myembro, mga upisyal man o kawal, ay dapat laging handa para sa labanan. Laluna pagdilim, dapat tipunin ng bawat upisyal at kawal ang armas at mga kagamitang dinadala

at ilagay ang mga ito sa tamang ayos upang sa gayon, kapag may alarma sa dilim, magiging madali para sa kanya na lumabas agad at humarap sa labanan.

8. *KAPAG MAY AGAM-AGAM SA SURPRESANG ATAKE NG KAAWAY.*

a. Kung ang yunit gerilya ay alertung-alerto, kung ang kanyang lambat paniktik ay mahusay na naorganisa, at kung ang mamamayan sa erya ay sumisimpatya sa atin kung kaya lagi nilang iniuulat ang sitwasyon sa atin, magiging napakahirap para sa kaaway na maglunsad ng mga surpresang atake. Pero sa anumang sirkunstansya, dapat lagi tayong nag-iingat.

b. Upang sagkaan ang kaaway na umaasa sa di mapagkaibigang populasyon na pumunta at maglunsad ng surpresang atake sa atin, dapat tayong gumawa ng natatanging mga hakbang sa pag-iingat. Kaya, sa pamamagitan ng intimidasyon binabalaan natin ang lokal na populasyon, aaresto at magbinbin ng mga tao. Kasabay nito, dapat maging maingat at handa ang yunit.

c. Kung may alarma, dapat nating tipunin ang buong yunit sa isang gusali na inihanda para sa depensa. Dapat magpauna ng mga tagamanman at tanod sa gusaling ito kung kinakailangan. Dapat lagyan ang pasukan ng gusali ng naililipat-lipat na mga harang, at dapat magtakda sa unang pa lang ng mga hudyat para sa depensa. Ang mga armas at ibang kagamitan ay dapat naihanda nang maayos at nailagay sa paraang madaling damputin ng bawat tao.

d. Kung ang sitwasyon ay napakahigpit, isang bahagi ng mapagkaibigang yunit ay dapat humawak sa responsibilidad ng pagbibigay seguridad sa ating pusisyon at sa kung saan nakalugar ang ating hukbo, gayundin ang pagpapalakad ng mga paniktik sa kapaligiran upang madagdagan ang sistema ng babala. Lagi silang nag-uulat sa grupo ng gerilya hinggil sa sitwasyon ng malalapit na pwersa ng kaaway.

e. Kung naglalagay tayo ng mga bagay upang harangan ang mga kalsada, dapat tayong gumawa ng paraan para sa komunikasyon sa ating unang linya at mga reserba, gayundin sa lokal na populasyon at sa ating lambat sa pagsusulatan.

f. Kung kinakailangan, ang mga kalsada sa loob ng mga baryo ay maaaring lubos na harangan, o maaari tayong mag-iwan ng lulusutan. Hangga't posible, bawat grupo ng gerilya ay dapat mayroong nakahandang pusisyon.

*9. MGA DISPUSISYON SA KASO NG SURPRESANG ATAKE NG KAAWAY.*

a. Kapag nalamang patungo sa atin ang kaaway, at kung nalaman mula sa ating pagmamanman na hindi naman siya malakas, dapat nating lipulin siya sa pamamagitan ng isang biglaang dagok. Kung ang pwersa ng kaaway ay ilang beses mas malaki ang bilang kaysa atin, dapat tayong mabilis na umatras. Pero habang tayo ay umaatras, dapat natin bigyan ang kaaway ng maling impresyon sa mga direksyong ating pinapatunguhan upang sa gayon maikubli ang aktwal na ruta ng ating pag-atras.

b. Kapag surpresang sinalakay tayo ng kaaway at di na magawang iwasan siya, dapat lubos na pakinabangan natin ang mga bentahe ng isang baryo para sa depensibang aksyon, matatag na labanan siya, at sa susunod samantalahin ang pagkakataong umatras.

c. Kapag nabitawan na natin ang isang baryo, dapat tayong tumugon sa pamamagitan ng isang kontra-atake o mga kontra-dagok upang mabilis na mabawi ito at iligtas ang ating mga kasamang nadakip, o ang mga kasamang nagmamantini sa isang pusisyon at nakikipagmatigasang depensahan ito. Kung mabilis ang ating pagkilos, laging maaari na makakamit natin ang gayung mga layunin, dahil pagkaraan ng isang tagumpay, ang kaaway ay malimit na nasa matinding kaguluhan at kampante sa kanyang mga pag-iingat.

d. Ang pinakamahusay na pagkakataon para sa gayung mga kontra-dagok, o kontra-opensiba, ay pagkatapos na pagkatapos ng tagumpay ng surpresang atake ng kaaway. Ang mga sakripisyo sa pagsugod sa gayung mga sirkunstansya ay mas maliit kaysa tumakbong palayo, o kaysa tumigil at makipagsagupa sa isang di paborableng tereyn matapos ang atake ng kaaway.

## KABANATA XIV

## PAGSASANAY

*1. ANG SAKLAW NG PAGSASANAY.*

Ang pagsasanay ay hindi lamang nakalimita sa sining militar. Dapat din tayong magbigay atensyon sa pampulitikang pagsasanay, kilusang literasi, pagsasanay hinggil sa pangangalaga ng kalusugan, atbp. Kaya, kung ang yunit gerilya ay nagsasagawa ng dril, dapat maging akmang bahagi ang pagsasanay sa literasi ng kabuuan, at maaari itong gawin sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon.

Sa pagkakamit ng isang lubos at kasiya-siyang resulta mula sa lahat ng tipo ng pagsasanay na isinasagawa ng isang yunit gerilya, dapat natin iangat ang kapasyahang mag-aral sa hanay ng mga upisyal at kawal sa kanilang sariling inisyatiba. Bukod sa aspetong pulitika, at bilang dagdag sa pag-aangat ng kamulatang pampulitika, dapat din natin itaguyod ang mga libangan para sa hukbo, pagaanin ang nakayayamot at nakakapagod na buhay, tulungan ang mamamayan sa sarili nilang depensa, at himukin ang masa na mahigpit makipag-isa sa atin.

*2. PAGSASANAY SA LAHAT NG MGA PAKSA.*

Sa pagsasanay sa lahat ng paksa, bagamat mahirap gawing unipormado, ay, kaugnay ng mga pamamaraan sa kalahatan, magsimula sa mababaw tungong malalim, unahin ang masaklaw pagkatapos ang mabibigat, mula sa simple at madali tungo sa kumplikado at mahirap, unahin ang partikular, pagkatapos ang pangkalahatan. Sa lahat ng larangan, dapat ilinaw ang mga teorya sa pamamagitan ng kongkretong karanasan, upang sa gayon mapalakas ang kumpyansa ng mga mag-aaral.

*3. PAGPAPAUNLAD SA KAKAYAHAN NG MAMAMAYAN PARA SA DEPENSA SA SARILI.*

Ang pinakamahigpit at pinakaimportaneng tungkulin ng isang yunit gerilya ay ang maglulunsad ng tuluy-tuloy na mga atakeng gerilya sa mga lugar na okupado ng kaaway, dakpin at patayin ang lahat ng traydor at reaksyunaryo, at ipagtanggol ang masa. Kasabay nito, dapat imbestigahin ng yunit gerilya ang kongkretong mga kasalanan ng kaaway at gawin ang lahat ng paraang posible para tuklasin at wasakin ang kanyang mga salamangka at pakana. Kaya:

a. Bentahe na ipakilala ang ating mabuting gubyerno, magsagawa ng malaking pagsisikap na makiisa sa masa, at suportahan ang pwersa ng popular na masa. Maaaring isagawa ang gayung hakbang sa teritoryo ng kaaway. Dapat din natin gamitin ang bawat paraang posible at ituon ang ating buong pagsisikap upang ingganyuhin ang mamamayan tularan ang ating mga aksyon, ganyakin silang aktibong labanan ang kaaway, at gabayan ang kanilang pakikipaglaban.

b. Ang ating hakbang upang suportahan ang kapasidad sa sariling depensa ng mamamayan ay dapat pangmatagalan, hindi panandalian. Dapat nating gawin ang lahat upang ipaunawa sa mamamayan na, sa lahat ng panahon, ang yunit gerilya ay nakikibaka at nagsasakripisyo para sa masa, at maging sa oras ng pinakamapanganib na krisis, absolutong hindi gagawa ng pinsala sa masa. Kapag

ang lokal na populasyon ay hindi nagwagi sa kanyang unang aksyong militar, matapos nating palahukin sila sa digma, ang kanilang diwa ng pakikibaka ay natural na lalabnaw sa isang antas. Kung nanghihina ang masa bunga nito, dapat tayong mag-isip ng paraan na pukawin ang kanilang kasiglahan at muling iangat ang kanilang diwa ng pakikibaka sa mataas na antas.

c. Ang yunit gerilya ang bumubuo sa pinakamulat at pinakaabanteng seksyon ng mamamayan. Kaya dapat nilang unang pagkaisahin ang masa na galit sa kaaway at tanggapin ang pamumuno ng mga ipinapadala natin sa kanila. Dapat din nating tulungan ang mamamayan na magbuo ng mga plano, mangalap ng armas, at buuin ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan nila sa isa't isa sa mga organisasyong masa sa mga kalapit ng baryo at maging sa ibang mga syudad na biktima ng pang-aapi ng kaaway. Pero sa pagpapatupad ng gayung mga gawain, dapat panatilihin natin ang pinakaistriktong paglilihim.

*4. PAGSASANAY SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN.*

a. Upang mapalakas ang kanyang sariling kakayahang lumaban, dapat magtalaga ang bawat yunit (mess unit?) ng isa o dalawang kawal bilang nars para gamutin ang mga sakit ng mga upisyal at kawal kapag sumulpot ang mga ito. Gayundin, ipaliwanag ang batayang mga kaalaman ukol sa pangangalaga ng kalusugan, at tumulong, idirihe, superbisahan at pasiglahin ang lahat ng bagay na nakapatungkol sa pangangalaga ng kalusugan ng yunit.

b. Ang pagpuno sa suplay ng mga gamot ay isang napakahirap na usapin sa yunit gerilya. Kaya dapat tayong, ayon sa mga panahon, atbp., maghanda ng mga gamot laluna ang mga kailangan para sa emergensi, at iba pang karaniwang gamot na hindi pwedeng wala. Tungkol sa mga sugatan at may malalalang sakit ng myembro ng yunit, kung wala nang mapagpipilian pa, ipaalaga sila sa ibang mga kawal na may kaunting kaalamang medikal o sa lokal na mamamayan na nakikipagsimpatya sa atin.

*5. PAGSASANAY MILITAR.*

Ang pagsasanay militar ay lahat nakaugnay *(tungkol sa pakikipaglaban)* sa hukbo ng kaaway. Ang layunin nito'y magpaunlad ng mas mahusay na kasanayan kaysa sa kaaway sa bawat espesyal na sining.

*a. Mga paksa*. Ang mga bagay na nangangailangan ng natatanging pansin ay ang pagdispers, pagtitipon, pagtudla, pagmamaniobra ng isang hukbo, pag-

akyat ng bundok, konstruksyon ng mga istrukturang militar, pakikipagsagupa sa gabi, pakikipagpaglaban sa makikitid na daan, paniniktik at mga hakbang panseguridad, paghahanap, liyason, at iba pang kaugnay na aksyon.

b. *Mga kaparaanan.* Sa pagpapatupad ng instruksyong militar, natatanging atensyon ang dapat ibigay sa lahat ng paraan sa pagtuturo at pagpapaliwanag, na humigit-kumulang ay nailalarawan sa ibaba:

i. Sa instruksyong teoretikal, maaaring gamitin ang paraan ng pagbibigay ng mga mungkahi (halimbawa) at ang paraang tanong-sagot. Dapat iwaksi hanggang sa pinakaposible ang lahat ng mga paraan ng pagtuturo na gumagamit ng istilong nagtatalumpati at simpleng pagsusubo (ng mga ideya sa utak ng mga mag-aaral).

ii. Kapag nagpapaliwag ng mga aksyon (hakbang), dapat tayong magbigay atensyon sa pag-uugnay ng ating mga sinasabi sa buhay na realidad, upang sa gayon madali tayong maintindihan ng mga kawal.

iii. Dapat magbigay tayo ng mas malaking panahon sa kongkretong paglalawann ng mga hakbang at mas kaunti hinggil sa mga hungkag na teorya. Kaya, ang pinakamalaking pagsisikap ay dapat ituon sa pagbabawas sa oras at bilang ng mga sesyon sa silid-aralan, habang dinadagdagan ang bilang ng mga praktikal na ehersisyo.

iv. Lahat ng mga pagpapaliwanag sa silid-aralan ay, hanggang pinakaposible, umaakma sa mga eherhisyo sa labas.

v. Lahat ng demonstrasyon ng mga hakbang ay dapat unang masusing pinaghahandaan bago ito gawin. Lahat ng mapabaya at kawalan ng interes na asal—paggawa ng mga bagay-bagay sa anumang lumang kaparaanan—ay dapat absolutong iwaksi.

vi. Kaugnay ng lahat ng aktibidad, dapat tayong mag-isip ng paraan para pukawin ang mga upisyal at kawal na magpaligsahan upang patingkarin ang diwa ng inisyatiba at ang positibong aktitud na kanilang ipinapakita sa mga trabaho, at ang pagpapabilis ng mga gawain.

vii. Dagdagan ang praktikal na pagsasanay, bawasan ang pagsasanay na nakaayon sa isang pirming padron, at iwasto ang ideyang na ang pagsasanay ayon sa isang pirming padron ay mahalaga sa pagmamantini ng disiplinang militar.

viii. Dapat angkop ang plano ng pagsasanay sa sirkunstansya, panahon at lugar kung saan isasagawa ang pagsasanay. Absolutong hindi dapat maging matigas (di pleksible) ang plano sa pagsasanay; dapat natin samantalahin ang bawat

pagkakataon at sikaping iangkop ang pagsasanay sa mga sirkunstansya. Nagagawa ito, humigit-kumulang, tulad ng sa ibaba:

1. Paggamit natin sa panahon kapag naglalakad ang hukbo upang isagawa ang pagtutukoy ng direksyon, pagkilala sa pagkakaiba ng tereyn, pagtaya ng mga distansya, pag-iskawt, pagtatakda ng mga layunin at paggamit ng tereyn.
2. Kapag tayo'y nasa kampo, gamitin natin ang mga paghahanda para sa mga hakbang panseguridad upang isagawa ang mga ehersisyo sa lahat ng klase ng pagmamanman at pag-iingat, nagsisimula sa pagpapapel ng mga abanteng tagamanman. Nagbibigay din tayo ng pagsasanay sa konstruksyon ng mga istrukturang militar.
3. Pagsasamantala sa pagkakataong ibinibigay ng isang labanan, at bago tayo lumakad o bago magsimula ang labanan, ipinapaliwanag natin, batay sa mga tungkuling naatasan tayong ipatupad, ang mga anyo ng aksyon tulad ng mga ambus, surpresang mga atake, pangunahing mga atake, mga atakeng pansuporta, atbp.
4. Pagsasamantala sa pagkakataon, habang hinihintay natin ang pagsisimula ng aksyon, na ipaliwanag sa praktikal na mga salita kung paano natin hinaharap ang pagsugod ng kaaway, gayundin ang pagbaril at iba pang katulad na mga aksyong militar.
5. Paggamit natin sa paglilinaw at punahan (gayung mga paglilinaw at punahan ay dapat nakabatay sa detalyadong pagsusuri ng tunay na pangyayari na unang isinagawa) upang tukuyin ang mga kalakasan at kahinaan ng ating mga aksyon sa panahon ng labanan at kung ano ang angkop at di angkop sa mga indibidwal na kumand, sa gayon nabibigyan ng kongkretong aral ang lahat ng upisyal at kawal.
6. Paggamit natin sa panahon ng *roll call* sa umaga at hapon upang magbigay ng iba't ibang klase na pananalita.
7. Paggamit sa panahon ng paglilibang na magpalabas ng mga laro, sayaw at modernong istilong mga dula na may kabuluhang militar, sa gayon unti-unting mai-aangat ang pagnanais ng mga upisyal at kawal na iwasto ang kanilang sarili, at iangat ang kanilang kahandaang matuto sa mga mahuhusay na halimbawa.
8. Paggamit sa bawat okasyon ng pagbibigay pugay at pagpapataw ng aksyong pandisiplina para magsagawa ng propaganda sa hanay ng mga upisyal

at kawal, upang sa gayon, maiangat ang kamalayang may nagagawa at kahihiyaan kapag gumawa ng masama, kung kaya, unti-unti, maikintal ang mahusay na disiplinang militar.

*6. PAGSASANAY PAMPULITIKA.*

Upang matiyak na lahat ng independyenteng mga pagkilos ng isang yunit gerilya ay magkamit ng ganap na tagumpay, bukod sa pagpapalakas pa ng pagsasanay militar, ang pinakamahalagang bagay na dapat tiyakin ay ang mataas na antas ng kamulatang pampulitika ng mga upisyal at kawal, at katapatan sa kanilang mithiin. Ang pagsasanay pampulitika ang tanging paraan para makamit ang layuning ito. Saka pa matatalakay nang detalyado ang nilalaman nito.

*7. ANG KILUSANG LITERASI.*

Para iangat ang antas pangkultura ng mga upisyal at kawal, upang sa gayon madali nilang masapol ang lahat ng klase ng pagsasanay, ang bawat yunit (mess unit?) ay dapat magsagawa ng pagsasanay sa literasi. Ang mga paraan ay ang sumusunod:

a. Kabilang sa grupong "A" ang lahat na alam na ang humigit-kumulang 50 na karakter.

b. Kabilang sa grupong "B" ang nakaka-alam ng humigit-kumulang 20 na karakter.

c. Kabilang sa grupong "C" ang kahit isang karakter ay walang alam.

d. Ang mga guro para sa iba't ibang grupo ay bubuuin ng nagmumula sa yunit na relatibong mataas ang antas pangkultura.

e. Kapag tayo'y nakatigil, dapat may isang oras bawat araw na ilalaan para sa pag-aaral ng mga karakter. Kapag tayo'y lumalakad, maaari nating isagawa ang pagtuturo habang naglalakad o sa mga panahon ng pagpapahinga. Sa gayung pagsasanay, ang pinakaimportante ay ang regularidad, hindi ang bilis. Sa kalahatan, mahusay kapag natutuhan ng mga kawal ang dalawang salita sa isang araw.

KABANATA XV

# GAWAING PAMPULITIKA

*1. ANG LAYUNIN NG GAWAING PAMPULITIKA NG YUNIT GERILYA.*

Ang layunin ay ang pagpapalakas at pag-aangat sa mas mataas na antas ng kapasyahang lumaban ng bawat myembro ng yunit. Ang kakayahang lumaban ng isang yunit gerilya ay hindi tanging itinatakda ng sining militar, kundi nakabatay, higit sa lahat, sa kamulatang pampulitika, impluwensyang pampulitika, pagpapakilos sa malawak na masa, paglansag sa hukbo ng kaaway, at paghimok sa malawak na masa na tumanggap ng pamumuno. Lahat ng plano ng isang yunit gerilya, pampulitika man, pangmilitar, o iba pa, ay nakatuon sa pagkakamit nitong iisang layunin.

*2. ANG PANGUNAHING NILALAMAN NG GAWAING PAMPULITIKA.*

Dapat nating ipatupad ang instruksyon sa pulitika na nakatuon sa pagpapanibagong-buhay ng ating mamamayan (pagpapasigla sa makabayang diwa ng mga kawal, ng kanilang pagkamakabayan, at ng kanilang pagmamahal sa masa) at tiyaking ang bawat upisyal at kawal ng yunit gerilya ay nakakaunawa, hindi lamang sa pambansang mga tungkulin na kanyang responsibilidad, kundi maging sa pangangailangan ng pagtatanggol sa ating estado.

Dapat din nating bigyang-pansin ang pagsuporta sa mga lider, sa pagpapanatili ng pagkakaisa ng yunit nang buong katapatan, sa pagpapatupad nang lubos sa mga atas ng nakatataas na kumand, at sa pagpapanatili ng militar na disiplinang bakal. Dapat nating tiyakin na ang lahat ng mga kawal ay iisa ang kapasyahan at taglay ang katatagan at kahandaang sama-samang sagipin ang bayan.

Bukod sa pagpapalakas ng kanyang sariling kapasidad sa paglaban, dapat ding magsagawa ang yunit gerilya ng propaganda sa hanay ng masa tungkol sa mga pakana ng mga mananakop at kaaway.

*3. MGA TALAKAYAN SA MALILIIT NA GRUPO.*

May mga mahuhusay na aktibidad upang pagkaisahin ang ating kapasyahan, palakasin ang ating kumpyansa, at ipalaganap ang ating paninindigan.

a. Tipunin ang mga pagtingin ng lahat ng mga kasama, upang iwasan ang mga damdaming napapalayo (naibubukod) at kamtin ang epekto ng pagtitipon ng sama-samang mga ideya at pagkakamit ng mas maraming bentahe.

b. Sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga kadre, naiaangat natin ang kanilang kapasidad sa paggawa at mabibigyan sila ng maraming praktika sa mga teknika ng pagdaraos ng mga pulong at sa mga paraan ng pagsasalita. Mas mabilis din nating malulutas ang mga problema, imbestigahin ang nakaraan at baguhin ang hinaharap.

c. Sa gayon, maaari nating masiyasat ang samahang umiiral sa hanay ng mga myembro ng yunit, at makahimok ng bagong mga kasama sa partido.

d. Mainam ang paraang ito para sa pagsasanay, at ginagawa nitong posible para lubos na maunawaan ang sitwasyon, kakayahan at kaalaman ng bawat kasama.

e. Batay sa kanilang mga katangian, ang mga aktibidad ay maaaring hatiin sa mga pulong talakayan, pulong balik-aral, at pulong punahan.

*4. MGA PARAAN.*

Dapat makapaghanda tayo bago ang pulong. Sakop ng mga paghahanda ang pag-aabiso sa mga myembro ng grupo, pagtatakda sa esensyal na paksa ng talakayan, at, kasabay nito, pag-uulat sa susunod na nakatataas na kumand.

a. Ukol sa bilang ng kalahok, pinakamainam ang mula tatlo hanggang lima.

b. Hindi dapat malimitahan ng anumang istriktong padron. Maaaring idaos ang mga pulong talakayan sa anumang oras at sa lahat ng lugar.

c. Ukol sa tagal ng panahon, hindi kalugud-lugod na maging napakahaba ang mga pulong. Isang oras ang pahihintulutang maksimum.

d. Angkop na magdaos ng isang pulong sa isang linggo. Ang daloy ng pagkakasunud-sunod ay ang ulat ng pinuno, pagtalakay ng mga kalahok sa ulat, at ang pagbubuod na ipinagkakatiwala sa lider ng grupo. Dapat nakapaloob sa tala ng pulong ang pangalan ng namumuno, mga paksa ng talakayan, bilang ng mga dumalo at di nakadalo, at ang lugar kung saan idinaos ang pulong.

e. Di dapat lumampas sa dalawang usapin ang tinatalakay. Ang talakayan ay dapat magsimula sa indibidwal na mga problema ng mga kalahok.

f. Hinggil sa paraan ng pagsasalita, angkop na ang mga pahayag ng mga kalahok ay nakapatungkol sa mga mahahalaga, at dapat simple at malinaw. Dapat silang maging sistematiko at hindi paulit-ulit. Dapat silang maging mapanghikayat

sa nilalaman at naipipresinta sa mapagkaibigan at kasiya-siyang paraan. Sa pagsasagot ng mga tanong, dapat iwasan ang anumang pahaging ng panglalait at bigyang-atensyon ang sinasabi ng iba. Kasabay nito, dapat makabuo ng desisyon ukol sa paksang tinalakay.

g. Kaugnay ng lider ng grupo, ang kanyang ulat ay dapat simple. Hindi siya dapat magbigay ng napakahaba at paulit-ulit na presentasyon bagkus, samantalahin ang okasyon upang mahimok ang mga kalahok na magsalita.

h. Ang kongklusyon ay dapat umayon sa paraang mula partikular tungong pangkalahatan. Dapat kabilang ang puna sa kabuuan ng talakayan. Kung mayroong hindi hindi sumasang-ayon na mga kongklusyon, maaari din itong ihapag.

*5. PAGPAPATUPAD NG GAWAING PAMPULITIKA.*

Hindi dapat umasa lamang sa ilang tagapangasiwang pampulitika. Ang pinakamahusay ay makapaghikayat at makapagsanay ng mga mulat na elemento, o interesadong mga upisyal at kawal, upang lumahok sa gawain at sanayin ang kabuuang tauhan ng yunit upang lahat sila ay makapagpatupad ng mabisang gawaing pampulitika.

*6. MGA TIPO NG GAWAING PAMPULITIKA.*

Sa masaklaw na pakahulugan, maaaring hatiin ang gawaing pampulitika sa tatlong kategorya ayon sa kung ito ay naisasagawa sa karaniwang araw, sa panahon ng labanan, o pagkatapos ng isang labanan. Kaugnay ng propagandang nakatuon sa pagpapasigla ng mga tropa, ang mga iba't ibang aspeto ay nakalahad sa ibaba:

a. Ang pangkaraniwang gawaing pampulitika. Pinag-iibayo natin ang pagsasanay pampulitika upang iangat ang antas ng kamulatang pampulitka, likhain ang pagkakaisa kapwa sa salita at gawa, mantinihin ang militar na disiplinang bakal, at upang mahigpit na makipag-isa sa masa. Sa kalahatan, ang mga paraan ay:

    i. Dapat ipatupad nang puspusang ang prinsipyo ng di inaabala o pinipinsala ang mamamayan (tulad ng "Bayaran nang husto ang iyong binili," "Maging magalang sa pananalita," "Isauli ang lahat ng hiniram," at "Bayaran ang anumang sinira").*

**Ito ang mga unang apat sa "Walong Puntong Dapat Tandaan" na gumabay sa pagkilos ng Pulang Hukbo sa panahonng gera sibil laban sa Kuomintang mula sa kalagitnaan ng dekadang 1930 hanggang sa pinal na tagumpay noong 1949.*

ii. Sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar, tulungan ang masa sa kanilang mga kahirapan (halimbawa, tulungan sila sa pag-ani o sa pagsasaka ng kanilang lupa o sa pagpapadala ng mga doktor ng hukbo upang hadlangan ang epidemya o gamutin ang mga sakit ng mamamayan, o alamin ang mamamayang dumanas ng kahirapan at mag-isip ng mga paraan upang tulungan sila), panatilihin ang pagkakaisa ng hukbo at mamamayan, at patingkarin ang diwa ng pagdadamayan sa hirap at ginhawa.

iii. Laging nakikisalamuha sa masa at ipaalam sa kanila ang tungkol sa ating disiplinang militar at ang ating pagmamahal sa kanila, at alamin ang tungkol sa kagutuman at kahirapan sa hanay ng mamamayan.

iv. Malimit na magdaos ng sama-samang panlibangang mga salu-salo para sa mga kawal at mamamayan upang ayusin ang anumang damdaming namamagitan sa hukbo at mamamayan at palakasin ang pagmamahalan ng hukbo at mamamayan sa isa't isa.

b. Paglutas sa anumang pagkakaroon ng pagitan ng mababa at mataas na hanay ng mga upisyal at kawal. Humigit-kumulang, ang mga paraang ginagamit ay ang sumusunod:

i. Ang mga taong kalahok sa pagsasanay pampulitika, bukod sa pagdadamayan sa hirap at ginhawa, ay dapat laging nakikisalamuha sa mga kawal, masusing iniimbestiga ang kanilang mga hinaing at iulat ang kanilang mga problema sa lahat ng panahon sa nakakataas na mga upisyal, at mag-isip ng mga paraan upang pahusayin ang sitwasyon.

ii. Kaugnay ng lahat ng opinion ng nakatataas at nakabababang hanay, dapat panindigan natin ang tamang pangangatwiran, kumbinsihin sila sa pamamagitan ng sinserong pagsusumamo, at ipaliwanag ang mga bagay sa kanila. Dapat tiyakin natin na ang nakatataas at nakabababang hanay ay solidong nagkakaisa bilang isang buo, at dapat nating palakasin ang kanilang kapasidad na magkaisa.

iii. Ukol sa mga kawal na lumabag sa disiplina, dapat tayong gumamit ng mapagturong mga paraan upang himukin sila. Lahat ng pisikal na pagpaparusa at pag-iinsulto ay dapat absolutong bawasan.

iv. Dapat tayong malimit na nagdaraos ng mga pulong kung saan ang mga upisyal at kawal ay sama-sama sa kasayahan nang sa gayon mapalakas ang kanilang pagmamahalan.

c. Pagpapaigting ng pagkamuhi ng mga upisyal at kawal sa kaaway, at pag-aangat ng kanilang kapasyahang lumaban nang patayan sa kaaway. Ang pagpapa-igting ng komun na pagkamuhi sa kaaway ay isang mahalagang salik sa pagpapalakas ng moral ng mga kawal. Sa gayon, ang yunit gerilya ay dapat magbigay ng natatanging atensyon sa lahat ng kalupitan ng kaaway, sa lahat ng pangyayaring nagsagawa siya ng masaker sa ating hukbo at sa mamamayan, at magsagawa ng propaganda sa hanay ng hukbo hinggil sa mga kalupitan ito upang iangat ang kapangahasan ng mga upisyal at kawal na lumaban at palakasin ang kanilang kapasyahang labanan ang kaaway nang patayan, dahil siya o tayo ang dapat mamatay.

d. Pagpapalakas ng kumpyansa sa di maiiwasang tagumpay ng ating digma laban sa kaaway. Humigit-kumulang, ang mga paraan ay ang sumusunod:

   i. Dapat lagi nating inaalala ang mga maniningning na tagumpay sa paglaban sa nakaraan upang maisagawa ang propaganda sa hanay ng ating mga upisyal at mabigyan sila ng inspirasyon.

   ii. Naghahapag tayo ng mga halimbawa ng mga depekto ng kaaway (tulad ng mga kahirapan, krisis, at iba pang mga problema na kanyang naranasan kamakailan) upang ipakita na sa kalaunan ang kaaway ay dapat magapi.

   iii. Dapat tayong maghapag ng mga halimbawa ng ating sariling mga kalakasan (tulad ng suporta ng masa, pagpapasa ng mga impormasyon, pagiging pamilyar sa tereyn) at ng kasalukuyang paborableng sitwasyon upang ipakita na, sa kalaunan, dapat tayong magwagi.

   iv. Sa pamamagitan ng paglalantad sa mga tusong pakana na malimit ginagamit ng kaaway, natutukoy natin kung ano ang dapat bigyan ng natatanging atensyon ng ating hukbo upang maiwasan ang paglitaw ng mga pag-iisip ng pagkatakot o pagmamaliit sa kaaway.

   Pagkatapos na makaranas kabiguan sa atake, manghihina tayo sa isang sitwasyong dulot ng mga problema at mahirap na pagsisikap, at bilang resulta, mamaliitin natin ang ating sarili, pinapalaki ang kalakasan ng kaaway, at nawawala ang ating kumpyansa sa tagumpay.

*7. GAWAING PAMPULITIKA SA PANAHON NG LABANAN.*

Nailalarawan sa ibaba ang ating ipinapatupad na gawaing pampulitika bago lumakad:

a. Ang pinunong kumander ng yunit ay unang tumatawag ng pulong ng mga

kadre. Ipinapaliwanag niya kung anong mga aspeto ng umiiral na sitwasyong pampulitika ang pabor sa atin, gayundin ang mga kundisyon ng pagtatagumpay at ang kabuluhan ng labanan. Ipinapaliwanag din niya ang mga kaparaanan at puntong bigyan ng atensyon upang matamo ang ating layunin, pero nang hindi nalalabag ang paglilihim militar.

b. Batay sa pulong ng mga kadre, ang seksyon para sa pagsasanay pampulitika ay kagyat na nagtatawag ng mga pulong ng mga tagapangasiwang pampulitika sa lahat ng antas, at dito inililinaw ang mga esensyal na punto at mga kaparaanan ng propaganda, at itinatakda ang mga kongkretong gawain.

c. Kagyat na nagtatawag ang iba't ibang grupo ng mga pulong ng lahat ng upisyal at kawal, at dito, dagdag sa pag-uulat hinggil sa kasalukuyang sitwasyong pampulitika at sa garantya ng ating pagtatagumpay, ang mga kundisyon para sa pagpapaligsaan ay naihahapag din. ("Ang sinumang di malubhang nasugatan ay nananatili sa pwesto ng labanan, ang sinumang malubhang nasugatan ay hindi humihiyaw dahil sa kirot"; "Tingnan natin kung sino ang makakapag-intrega ng pinakamaraming armas"; "Tingnan natin kung sino ang makakabihag ng pinakamarami.") Kasabay nito, ang mga tungkulin ay naibabahagi sa lahat ng tagapangasiwang pampulitika at aktibista (superbisyon, pamumuno, at propaganda).

*"political workers" or "political officers" – mga upisyal pampulitika*

d. Ang mga tagapangasiwang pampulitika ay dapat papuntahin sa lokal na populasyon upang tipunin sila, magtawag ng mga pulong, at magbigay ng mga pananalita, upang himukin silang lumahok sa labanan o sumanib sa hanay ng mga tagahakot o sa mga yunit transport. Kaugnay ng mga organisasyong masa, dapat silang gabayan hinggil sa pagdaraos ng mga pulong, sa paglaban at sa paghahanda ng mobilisasyon.

e. Pagkaraan magsimula ang labanan, ang pinakaimportanteng mga tagasanay pampulitika ay dapat papuntahin sa mga yunit na naitakda para sa pangunahing atake o para sa natatanging mahalagang mga aksyon. Ang mas mababang antas na mga tagasanay pampulitika ay dapat atasan para pasiglahin ang segundaryong mga yunit panlaban.

f. Ang mga yunit at grupo ng mga mang-aawit at mananayaw (lahat ay binubuo ng mga masisigla at kawili-wiling mga kabataang naka-uniporme at nakasuot ng kaakit-akit na mga damit) ay dapat paunahin sa mga pusisyon sa gilid ng mga

kalsadang dadaanan ng hukbo upang magbigay ng maikling mga pananalita, kumanta, sumayaw, o isigaw ang mga islogan upang pasiglahin ang maksimum na kapasyahan ng mga upisyal at kawal.

8. *ANG GAWAING PAMPULITIKA PAGKARAANG MAGSIMULA ANG LABANAN.*

a. Kapag nagsimula na ang labanan, dapat bigyang pansin ang pagsigaw ng mga islogan sa mga kawal ng kabilang panig upang pahinain ang kanilang moral. Ito ang isa sa mga anyo ng ating gawain ng pagsabotahe.

b. Kapag humantong na ang sitwasyon ng malapitang pagsasagupaan o nagharap-harapan na ang magkabilang panig, mag-iisip tayo ng paraan para makausap ang mga kawal ng kabilang panig at samantalahin ang sitwasyong ito para bigyan sila ng pagkain upang masiyahan sila. Pagkatapos nito, pag-ibayunin natin ang gawaing propaganda na dapat una nang naihanda.

c. Kapag nagsimula na ang laban, dapat tiyakin nating maisagawa ang propagandang nakatuon sa kaaway. Pero higit na mas mahalaga na himukin ang nasa ating hukbo. Iba-iba ang mga paraan para sa gawaing ito na pangunahing itinatakda ng kung ano ang angkop sa sirkunstansya. Halimbawa:

*i. Sa pagsugod:*

1. Kapag tayo ay nakaranas ng isang surpresang atake ng kaaway habang sumusugod sa pag-atake, dapat magbigay ng paliwanag tulad ng: "Mga kasama! Hindi ang mga eroplano ang nagpapasya ng labanan. Sunggaban ang pagkakataong ito, mabilis na sumugod, at mabilis na gapiin ang kaaway na nasa harapan. Sugurin ang kaaway sa pamamagitan ng inyong mga bayoneta!"
2. Kapag nagsimula na ang putukan, dapat himukin ang mga kawal sa pamamagitan ng mga salitang: "Mga kasama! Huwag basta pumutok, pumutok lamang kapag nakasipat na. Sikaping pumatay ng isang kaaway sa bawat bala."
3. Kapag nalapitan na ang kaaway at nakaambang umasult, ang paraan ng paghimok sa mga kawal ay: "Mga kasama! Oras na para lipulin ang kaaway. Huwag intindihin ang sakripisyo, magpakatapang, gapiin at durugin ang kaaway. Gawing inspirasyon ang ating tagumpay para sa buong hukbo! Mabilis sumulong! Sugod!"
4. Kapag nabigo ang unang pagsugod at muli tayong susugod, hinihimok ang

mga kawal sa pamamagitan ng: "Mga kasama! Tayo'y isang di magagaping bakal na hukbo, tayo ay isang makapangyarihang yunit na nagwawagi sa bawat labanan, buo ang ating kapasyahang durugin ang kaaway na ito at preserbahin ang ating dangal."

5. Kung may mga upisyal na nasugatan o namatay sa laban, himukin ang mga tropa ng: "Mga kasama! Buong dakilang isinakripisyo nina (pangalan ng mga upisyal) ang kanilang sarili. Sundan natin ang kanilang madugong bakas, tapusin ang kanilang tungkulin, at lipulin ang mga kaaway sa harap natin. Sugod at ipaghiganti sila!"
6. Kapag nagpakita na ng pag-aalinlangan ang kaaway, himukin ang mga kawal ng: "Mga kasama! Pagiwang-giwang na ang kaaway. Sugod agad, dakpin nang buhay ang kanyang punong kumander!"
7. Kapag hinahabol na natin ang kaaway, himukin ang mga kawal ng: "Mga kasama! Umaatras na ang kaaway. Bilis, habulin siya! Sugod, durugin ang mga naiiwang yunit ng kaaway, lipulin ang kanyang pangunahing pwersa, lipulin ang kanyang buong pwersa. Tingnan kung sino ang makakakuha ng pinakaraming armas, sino ang makakakuha ng pinakaraming bihag. Ang magtagumpay sa digma pero hindi humahabol sa kaaway ay kahabag-habag."

*ii. Sa depensa:*

1. Kapag natanggap na ang atas, dapat ipatupad ang propagandang: "Mga kasama! Dumating na ang kaaway. Ito ang pinakamahusay na pagkakataong lipulin siya. Gamiting mahusay ang mga natural na harang, mahinahong magpaputok. Habang mas marami ang ating napapatay at nasusugatang kaaway, mas madaling umusad ang ating pangunahing atake at magkamit ng mga resulta."
2. Kapag sumugod ang kaaway, inaahita ang mga tropa ng: "Mga kasama! Susugod na ang kaaway. Ilagay ang mga bayuneta, ihanda ang iyong mga granada. Palakasin ang ating loob, preserbahin ang kadakilaang atin nang nakamit, lipulin ang kaaway sa ating harapan."
3. Kapag pinaligiran tayo ng kaaway, inaahita ang mga kawal ng: "Mga kasama! Tayo'y yunit na laging nagwawagi. Tayo'y bakal na hukbong matapang at di magagapi. Ilulunsad natin ang madugong laban hanggang sa wakas para sa ating mamamayan at bayan, patuluin ang ating huling patak ng dugo, kumapit sa ating mga riple hanggang kamatayan, mamatay kaysa

sumuko. Pagpapatiwakal ang isuko ang ating riple, ang sumuko'y sukdulang kahihiyaan. Wasakin natin ang kanilang linya sa isang bahagi at lumusot."

4. Kapag nagkontra-atake o kapag natanggap na ang atas na mag-opensiba: "Mga kasama! Magkokontra-atake na tayo. Agawin natin ang mga riple ng kaaway, dakpin ang mga upisyal ng kaaway, patunayan kung sino ang pinakamatapang!"
5. Propaganda kapag tayo'y umatras: "Mga kasama! Panatilihing lihim ang ating pagkilos at lituhin ang kaaway. Ibuka nang malapad ang ating mga kamay, akitin ang kaaway na pumasok nang malalim. Huwag magwatak-watak, huwag magpaiwan, huwag magdalawang-isip, huwag mataranta, huwag matakot sa sakripisyo, matatag na ipatupad hanggang wakas ang mga atas ng kumand. Nasa atin ang kahuli-hulihang tagumpay!"
6. Kapag pinapayungan ang pag-atras ng ating pwersa, ang mga paraan ng ahitasyon ay katulad ng mga nabanggit sa itaas.

*9. GAWAING PAMPULITIKA MATAPOS ANG ISANG LABANAN.*

Magpapatuloy ang gawaing pampulitika kapag natapos na ang labanan.

a. Upang maiwasan ang paglitaw ng mga aktitud ng pagmamaliit sa kaaway o katakutan siya, dapat pag-ukulan ng pansin ang sumusunod na mga punto:
    i. Dapat wastong tukuyin ang mga sanhi ng tagumpay o pagkatalo. Di dapat lumaki ang ating ulo dahil sa isang maliit na tagumpay; o maglaho naman ang ating kumpyansa dahil sa isang maliit na pagkatalo.
    ii. Dapat linawin ang mga aktitud na dapat nating patampukin magmula dito, o ang mga puntong nangangailangan ng atensyon.

b. Dapat nating tipunin ang mga materyal at makabuluhang mga pangyayari kaugnay ng ating tagumpay, pati ang pangalan ng mga yunit, indibidwal na upisyal at kawal na matapang lumaban. Dapat gamitin ang mga materyal na ito sa paglikha ng mga pampropagandang sulatin, awit, sayaw, luma't bagong istilong dula, atbp.

c. Dapat mag-imprenta ng malaking bilang ng mga pahayag at islogan tungkol sa tagumpay, at ipaskel sa lahat ng lugar. Kasabay nito, dapat tayong magbuo ng palipat-lipat na yunit pampropaganda, na kakalat sa mga eryang unang itinakda, upang magsagawa ng propaganda at manawagang magtipon ang masa at magdaos ng mga pulong para ipagdiwang ang tagumpay.

d. Kapag nagdaraos ng mga pulong upang ipagdiwang ang tagumpay, dapat isaalang-alang ang mga sumusunod:

   i. Iulat ang kabuluhan ng tagumpay, at ang mga tungkuling kinakaharap ngayon, gayundin ang kongkretong mga paraan upang maipatupad ang mga tungkuling ito.

   ii. Iulat ang mga yunit na matapang lumaban, gayundin ang indibidwal na mga upisyal at kawal. Hinggil sa mga upisyal at kawal na nasugatan o nagbuwis ng buhay, piliin ang mga pinakatampok at mag-ulat tungkol sa kanila.

   iii. Itanghal ang bagong mga bersyon ng klasikong mga dula, gayundin ang mga awit at sayaw.

   Habang ang mga ulat na nabanggit sa a at b ay naihahayag, o habang naitatanghal ang isang dula, dapat isigaw ng mga yunit na kalahok sa pulong na iyon ang ating mga islogan bilang saliw. Dapat ding mapag-usapan ang mga paraan sa pagtugon sa pensyon para sa myembro ng mga pamilya ng mga kawal na nagbuwis ng buhay sa labanan.

   Dagdag pa, dapat nating iparada ang mga bihag at ang mga nasamsam sa harap ng masa, sa gayon naiaangat ang kapasyahan at diwa ng pakikibaka ng ating mga kawal at mamamayan.

e. Sa mga pulong para ipagdiwang ang tagumpay, lahat ng mga organisasyon ay dapat ding maglunsad ng kilusan ng pagkokonsolida. Ang kaugnay na pangunahing mga puntong na bibigyang-pansin ay:

   i. Hinggil sa pagkokonsolidang materyal, ang mahalaga'y hindi ang kantidad kundi ang kabuluhan; hindi ang ganda at kapinuhan ng mga bagay na naibigay kundi ang kanilang gamit. Ang mga bagay tulad ng mga dayaming sandalya, mga bimpo, mga baboy, mga tupa, mga manok at mga pato ay lahat angkop para sa layuning ito.

   ii. Sakaling hindi sapat ang mga bagay para sa materyal na konsolidasyon, ang konsolidasyon sa anyo ng mga parangal ang dapat gamitin. Halimbawa, maaaring gumawa ng mga bandila para sa presentasyon, o maglikha ng mga awit bilang paggunita sa mga nagbuwis ng buhay, o maglunsad ng aktibidad para magbigay papuri sa kanila.

f. Dapat nating papurihan ang mga halimbawa ng pinagsanib na mga operasyon, mga independyenteng aksyon at pursigidong pagpapatupad sa mga atas. Kaya:

   i. Kung mayroon, sa panahon ng isang mabangis na labanan, nagkamit

ng tagumpay sa pamamagitan ng pinagsanib na mga operasyon, ng independyenteng aksyon, at ng mapursiging pagpapatupad ng mga atas, dapat gawin ang lahat upang ilathala ang katotohanan at papurihan sila. Iyong mga nakaranas ng pagkatalo sa kaparehong mga sirkunstansya ay dapat ding mapuri.

ii. Kung may pagpaparusa sa mga hindi umabante o hindi puspusang nagpatupad ng kanilang mga atas dahil sa paghahangad na ipreserba ang kanilang sariling pwersa, at bunga nito, nagdulot ng pinsala sa ibang yunit ng ating hukbo, ang kaso ay dapat ding maging tuon ang ating malawakang propaganda sa loob ng yunit. Sa paraang ito, natuturuan ng leksyon ang mga upisyal at kawal ng buong yunit, o ang ibang mga yunit, at gawin silang mulat para iwasan ang katulad na mga paglabag.

*10. GAWAING NAKAPATUNGKOL SA MGA KAPISANAN AT MGA LUGAR LIBANGAN (AMUSEMENT ROOMS).*

Dahil sa katotohanang pinupunuan nito ang nakayayamot at mahirap na buhay sa hukbo, ito ay isang paraan upang masagkaan ang pagtakas. Ang mga mahahalaga kaugnay ng organisasyon at gawain ng mga kapisanan ay natutuunan sa ibaba:

*a. Mga tuntuning kaugnay ng organisasyon.*

i. Upang itaguyod ang paglilibang sa hukbo, punuan ang isang mahirap na buhay, palakasin ang interes sa ating gawain, at patingkarin ang interes sa pag-aaral, bawat yunit (mess unit?) ng isang yunit gerilya ay dapat magtayo ng isang lugar libangan. Dapat mahati ito sa seksyong militar, seksyong gerilya, at seksyon ng kulturang pisikal. Bawat upisyal at kawal sa yunit ay dapat pumili ng isa sa mga seksyong ito, at ayon sa kanyang sariling katangian (o hilig), maaari siyang, kung kanyang nanaisin, sumali sa dalawa o tatlo sa mga seksyon.

ii. Ang isa mula sa hanay ng mga kumander ng kumpanya o ng mga natatanging masigla at may kakayahang mga kumander ng platun ay dapat piliin para pamunuan ang lugar-libangan. Bawat isa sa tatlong seksyon ay dapat magkaroon ng namumuno na pinili sa isang pulong ng mga kasapi ng seksyon, na maninilbi sa loob ng anim na buwan, sa posibilidad na mapipili siya muli pagkatapos nito.

iii. Minsan sa bawat linggo dapat magpulong ang mga namumuno ng mga

seksyon at gayundin ang mga myembro ng bawat seksyon. Ang mga pinuno (ng mga lugar-libangan) ay dapat magpulong minsan sa isang buwan. Ito ay hiwalay na tinatawag ng namumuno sa mga pinuno ng mga seksyon.

iv. Sa kanyang gawain, ang lugar-libangan ay dapat sumunod sa paggabay ng kapisanan sa susunod na mas mataas na antas. Napapailalim din ito sa superbisyon at paggabay ng punong kumander ng yunit. Sa mga usaping militar, absolutong nakapailalim ito sa punong kumander ng yunit.

v. Upang magabayan at mapagka-isa ang gawain ng mga iba't ibang lugar-libangan, ang isang gerilyang batalyon ay dapat magtayo ng isang kapisanan. Ang kapisanang ito ay dapat magkaroon ng isang pinuno at isang kalihim na responsable sa lahat ng kanyang aktibidad.

vi. Ang kapisanan ay dapat nakakabit sa seksyon ng pagsasanay pampulitika, dahil ang gawain ng mga lugar-libangan ay isang anyo ng pagsasanay pampulitika. Kung walang seksyon ng pagsasanay pampulitika, ang kapisanan ay direktang nakapailalim sa punong kumander.

vii. Sinasaklaw ng gawain ng kapisanan ang paggabay at pagtaguyod sa gawain ng iba't ibang lugar-libangan. Dahil dito, dapat magpulong bawat linggo ang mga responsableng pinuno ng iba't ibang mga lugar-libangan, at sa bawat buwan, dapat tayong tumawag ng pulong ng lahat ng mga upisyal at kawal o isang sama-samang pagpupulong ng hukbo at mamamayan.

Lahat ng gawain kapwa ng mga kapisanan at lugar libangan ay dapat ituring bilang kanyang prinsipyo ang hindi pakikialam sa administrasyong militar, sa pagsasanay militar, o sa aksyong militar.

*b. Ang mga mahahalaga sa gawain ng mga kapisanan at lugar-libangan.*

i. Ang gawain ng seksyong militar ay sumasaklaw sa pagpapaunlad sa diwa ng independyenteng pag-aaral sa hanay ng mga upisyal at kawal, sa pagtalakay ng mga usaping militar, o sa sama-samang pagtutuwid sa mga aksyon ng mga myembro upang punuan ang mga kulang sa pagsasanay militar. Ang nilalaman nito'y nakasaad sa ibaba:

1. Seksyon sa pagbabayuneta (ehersisyo, ginagamit ang manikin ng isang kaaway na bansa bilang target)
2. Seksyon sa paggagranada (pagbabato ng kahoy na granada)

ii. Seksyong gerilya

1. Pagsisipat mula sa isang pirming suporta.

2. Pag-tsek sa sariling pagsipat.
3. Pagtudla nang nakasakay.
4. Pagsasagawa ng mga imbestigasyon kapag lumalabas.
5. Paggamit ng mga harang.
6. Pagtudla sa iba't ibang tipo ng target sa kaparangan.

*c. Seksyon ng kulturang pisikal.* Ang gawain ng seksyong ito ay nakapatungkol sa pagpapalakas sa katawan ng mga upisyal at kawal. Pinupunuan din nito ang mga kulang sa pagsasanay militar. Ang nilalaman nito'y sa sumusunod:

i. Paglalaro ng bola (basketbol, putbol, boleybol, tennis, baseball, atbp.)

ii. Mga larong track & field (high jump, broad jump, takbuhan, obstacle courses).

iii. Boksing at espadahan.

*d. Seksyong aliwan.* Ang gawain nito'y sumasaklaw sa pagbibigay libangan para sa myembro ng hukbo, sa pagpuno ng mahirap na buhay, at sa pagpapalakas ng interes ng mga kawal sa kanilang gawain at sa pag-aaral.

i. Seksyon ng biruhan. Maaaring gawin ng seksyong ito ang kanyang mga aktibidad anumang oras, pero dapat mabigyang-pansin ang mga sumusunod na punto:

1. Kapag naghahayag ng mga biro, dapat gawin silang madaling intindihin. Maaari tayong humalaw ng mga materyal mula sa mga libro ng biro at ibang katulad nito, pero hindi dapat silang bastos.
2. Kapag nagkukwento, dapat paglaanan ng mas maraming panahon ang mga kwento tungkol sa maraming kabayanihan at dakilang gawa (ng mga tanyag na tao) sa sinaunang mga panahon, sa kanilang mga mahuhusay na salita at kapuri-puring aksyon upang makamit ang nagbibigay-inspirasyon na epekto.
3. Kung nag-uulat ng mga balita, dapat magtuon sa ating mga tagumpay at sa kalupitan ng kaaway.

ii. Seksyong teatro. Ginagamit ng seksyong ito ang mga panahon ng pagpapahinga, kapwa sa gabi at sa araw, upang magtanghal ng lahat ng klase ng bagong istilong mga dula, tradisyunal na mga opera, mga pangkat komikero, mga tagakwentong may mga tambol, atbp., — mga pagtatanghal

na habang may nilalamang pulitika ay kawili-wili, upang iangat ang moral.

iii. Seksyon ng awit at sayaw. Alinsunod sa mga sirkunstansyang kinalalagyan ng yunit at sa katangian ng kanyang mga tungkulin, ang seksyong ito ay naglilikha ng iba't ibang klase ng mga awit upang pasiglahin ang interes ng mga kawal at upisyal sa pag-awit, o nagtatanghal ng mga sayaw nang nakadamit ng natatanging kasuutan at umaasta ng iba't ibang komikerong kilos upang matawa ang mga nanonood.

iv. Seksyon ng musika. Nahahati ito sa mga grupo ng byulin, silindro, gitara, at iba pa, na maaaring sumaliw sa mga dula at sayaw.

v. Ang mga paraan ng paggawa ng lahat ng seksyon ay dapat akma sa panahon at sirkustansya. Dapat naisasagawa ang mga ito sa masiglang paraan *(& on no account in a wooden fashion)*.

vi. Ang gawain ng lahat ng seksyon ay dapat mapailalim sa istriktong kontrol at superbisyon. Dapat din nating gamitin ang mga pamamaraan ng paligsahan upang mahimok ang lahat ng upisyal at kawal na gumawa ng sariling mga pagsisikap.

vii. Lahat ng klase ng mga awit at luma't bagong mga dula, atbp….

viii. Para sa pakinabangan ng gawain, lahat ng grupo at seksyon ay dapat mayroong natatanging mga talento.

ix. Ang mga upisyal at kawal na kalahok sa mga pagtatanghal na ito ay dapat malibre sa kanilang ibang mga tungkulin.